Pagsamba

Ayon sa Salita ng Diyos

version 12132010

R. Tienzo

Mga Nilalaman

Ang Pagsamba sa Ating Panahon Ngayon 3

Ang Halaga ng Pagsasaliksik 5

Ang Pagsamba ayon sa Sinasaad ng Lumang Tipan 9

Ang mga Sangkap ng Pagsamba sa Lumang Tipan 14

1.Ang Paglilingkod 14

a. Ang mga Kapistahan..... 16

b. Ang Haing Sinusunog..... 19

2.Ang Pagtugon 25

Ang Kahatulan sa Hindi Pagsunod sa Tuntunin ng Diyos 29

Mga Pangyayaring Nakaapekto sa Pagsamba 34

Ang Pagsamba sa Bagong Tipan 39

Paano isasagawa ang Paghahati-hati ng Tinapay 42

1.Ang Paglilingkod 42

2.Ang Pagtugon 47

Ang Pagpapahayag sa Hapag Ng Panginoon 52

Ang mga Nangunguna sa Hapag ng Panginoon 55

Anong Araw ba dapat isinasagawa ang Hapag ng Panginoon? 57

Ang Pag-awit sa Pagsamba 65

Conclusion 74

Ang Pagsamba sa Ating Panahon Ngayon

Kapag ang paksang pagsamba ang napag-uusapan, hindi maaalis na ang tinutukoy ay ang pagsamba ng Iglesia. Ito ay ang pagtitipon ng mga mananampalataya bilang isang katawan. Bagamat nakasasamba ang isang Cristiyano sa maraming paraan kapag siya ay nag-iisa, ang hindi malinaw ay ang mga alituntunin ng Diyos ukol sa pagsamba ng isang pagtitipon. Mayroon nga bang hinihinging pamamaraan ang Diyos na kanyang inilahad sa Kanyang Salita? Ang tuwirang sagot sa tanong na ito ay – oo! Mayroong sinasabi ang Salita ng Diyos ukol sa pagsamba ng Iglesiya. Ang mahalaga ay tignan natin ito ayon sa pangkalahatang paghahayag ng Salita ng Diyos. Ang pagsambang ito ay handog ng tao sa Diyos! Hindi ito ginagawa para sa kasiyahan ng tao, bagamat ikinasisiya ng tao ang pagsamba. Hindi natin ito ginagawa upang dumami ang dumadalo sa kapisanan, bagamat hahanapin ito ng mga tunay na mananampalataya. Ito ay ang pag-alay ng papuri sa Diyos sa pagtitipong kinabi-bilangan ng mga mananampalataya na may iba’t-bang antas ng paglago sa kaalamang espirituwal. Ito ang bibigyang pansin ng pag-aaral na ito.

Kung ihahambing natin ang pagsamba sa Bibliya at ang pagsamba sa ating panahon ngayon ay makikita natin ang malaking pagkaka-iba. Hindi na ang Diyos ang nasusunod. Malimit, ang nasusunod ay ang layaw na ng sumasamba. Sumusunod ito sa kultura ng mga mananampalataya. Dahil dito, ang banal na pagsamba ay naging hawig na sa gawain ng mundo. Nawawala na ang pagiging hiwalay ng Iglesia

sa di mananampalataya. Naniniwala man ang may akda na may kalayaan ang isang mananampalataya sa kanyang paraan ng pagsamba, mahalaga pa rin na pag-aralan natin kung mayroon ngang pagsambang hinahanap ang ating Amang Diyos. Kaya ang paglalahad na ito ay para sa mga kapatid na ibig pag-aralan ang mga katotohanang nasa Biblia na ukol sa pagsamba. Hindi layunin ng may akda na husgahan ang mga sa Diyos ay gumigiliw, bagkus ay isinagawa ang pag-aaral na ito upang bigyan ng isang paraan upang masuri ng bumabasa ang kanyang pinaniniwalaan. Sa katapusan, ang bawat manampalataya ang siyang haharap sa Diyos at mananagot sa kanyang piniling daan. Nawa po ay makatulong ang pag-aaral na ito.

Ang Halaga ng Pagsasaliksik

Isang bagay ang ating mapapansin sa ating pag-aaral ukol sa pagsamba. Ito ay ang katotohanang ang pagsamba ayon sa Bibliya ay kinalalakipan ng ilang mga bahagi at di lamang iisang gawain. Bagama't maliwanag na ang pinakasimpleng kahulugan ng salitang pagsamba ay ang magpatirapa sa harapan ng isang nakatataas o ginigiliw, hindi natin makikita sa Banal na Kasulatan ang utos ng Diyos na tayo ay magpatirapa sa kanyang harapan. Ang natutunghayan natin ay napaloloob sa mga ritwal ang **sinaunang pagsamba ayon sa Lumang Tipan**. Hindi rin naman natin maaaring sabihin na ang ritwal ang kabuoan ng pagsamba, sapagka't ayon sa mga Awit (Psalms) na inaawit ng mga Levita sa templo, ang hinahanap na pagsamba ng Diyos ay ang nasa puso.

> [1]*Mga Awit 51:17*
>
> *Ang mga* [2]***hain*** *sa Diyos ay mga bagbag na diwa,*
> *isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos, ay*
> *hindi mo hahamakin.*

Ngunit kung ang puso ng tao ang siyang may kapangyarihang tumalaga ng paraan ng pagsamba, bakit kinailangan pa ng Diyos na maglahad ng mga paraan? Sinasabi rin ng Salita ng Diyos na ang puso

---

[1] Ang lahat ng mga talatang ginamit sa pag-aaral na ito ay hango sa Ang Bagong "Ang Biblia" na pagsasalin sa tagalog ng Philippine Bible Society na may copyright taong 2001, maliban na sinasabing ang talata ay galing sa ibang salin.

[2] Tignan ang kahulugan ng "hain" sa pahinang 10 kung saan ito ay itinuturing ng mga Hudyo na katumbas sa "Pagsamba".

ay lubhang masama (Jeremias 17:9) at di mapagkakatiwalaan. Marahil ay mas mainam na ang Banal na Espiritu ang magturo sa atin.

Sa Bagong Tipan naman ay sinabi ng ating Panginoong si Hesus na dumating na ang araw na magkakaroon ng panibagong pagsamba na ayon sa espiritu at katotohanan.

> *Juan 4:23*
>
> *Subalit dumarating ang oras at ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa Kanya.*

Dahil dito. tila dapat nating alamin muna ang pangkalahatang anyo at aspeto ng pagsambang ihinayag ayon sa Kasulatan, at doon pa lamang natin masisimulang suriin kung ano ang dating pagsamba at kung ano naman ang bagong pagsamba. Ang mahalaga ay alam natin na may Lumang Pagsamba na pinalitan at may Bagong Pagsamba na ipinalit. Marahil ay nalalaman na ng maraming mananampalataya na ang hindi tamang pagkaunawa sa isang katotohanan sa Biblia ay pinagmumulan ng mas maraming prublema. Kaya't kahit mabusisi ang magsaliksik, katungkulan ng bawat mananampalataya ang basahin, alamin at pag-aralan ang pahayag ng Diyos upang magkaroon ang bawat isa ng kaalamang tiyak. Katotohanan na siyang magtutulak sa kanya sa isang pagsambang katanggap-tanggap sa Panginoon.

Ang pagbigay ng pagsamba sa isang karapat-dapat na ginigiliw ay maihahambing natin sa pagbigay ng alay o regalo sa ating mga mahal sa buhay. Nangyari sa may akda ang isang pagkagising sa katotohanang

ito nang siya ay lima o anim na taong gulang pa lamang. Ang kanyang mga magulang ay mga guro at masasabi nating intelectuwal ang kanilang pagtingin sa halos lahat ng bagay. Wala silang pasensiya sa walang kabuluhan. Dumating ang pagkakataon na nagplano ang may akda na mag-alay ng isang awitin sa kanyang mga magulang sa tulong ng kanilang kasambahay. Tinuruan siyang umawit ng isang awitin na tungkol sa isang batang nawalan ng ina. Bahagi ng awit ang pagsasalaysay kung paano ihinatid ng mga anghel ang kanyang ina sa langit. Mahabang panahon na pinaghandaan niya ito. Isang umaga habang nag-aalmusal ang kanyang ama't ina, itinulak siya ng kasambahay na ialay na ang awitin. Buong kagalakang tumayo ang bata sa tabi ng hapag at ipinahayag ang kanyang nais gawin. Sinimulan niyang umawit at pinilit na wag malimutan ang mga titik ng awit. Nasa likod ang kasambahay na nakangiting tila ipinagmamalaki ang nagawa nilang pagsisikap. Natapos ang awit at hindi natinag ang mga magulang. Ilang sandali pa ay bumigkas ang ina, "Hindi pa naman ako patay ah?" Kapagdaka'y bumalik sa pagkain ang mag-asawa. Natulala ang kasambahay at lalong-lalo na ang bata. Di ba nila naibigan ang awit? Taimtim naman ang kanyang pagnanais na ihandog ito. Marahil ay nagustuhan nila ito ngunit hindi talaga akma sa pagkakataon ang paksa ng awit. Buo man ang kalooban ng may akda na mag-alay sa kanyang magulang ngunit hindi ito tama. Ang pag-aalay ay walang saysay. Gayundin ang pagsamba sa Diyos. Magkaroon man ng pagnanais ang isang tao na sumamba sa Diyos ngunit kung ang layunin niya ay lihis, at

kung ang paraan niya ay hindi akma, ang pagsamba ay hindi magiging katanggap-tanggap.

Dapat ay alamin muna natin ang buong paglalahad ng Panginoong Diyos ukol sa pagsamba bago tayo mangahas na sumamba. Dapat suriin ang bawat aspeto nito at higit sa lahat ay intindihin base sa paraang hinayag din ng Banal na Kasulatan. Walang lugar sa gawaing ito ang talino at galing ng laman. Hindi rin dapat kultura o pilosopia ang mag-akay sa atin sa ating pag-iimbestiga. Dapat ang Banal na Espiritu ng Diyos ang mangusap sa atin sa pamamagitan ng masusing pag-aaral. Ito ang kailangan kung nais nating sumamba na may kabuluhan. Kasihan nawa tayo ng Maykapal sa ating layunin.

Ang Pagsamba ayon sa Sinasaad ng Lumang Tipan

Mahalaga sa ating pagsasaliksik ang ilagay sa konteksto ng kabuoan ng Biblia ang ating sisimulang pag-aralan. Ito ay ang Lumang Tipan. Ang bahaging ito ng Salita ng Diyos ay galing sa Diyos. Dahil dito, ito ay walang mali at karapat-dapat na alamin sa ikalalago ng ating kaalamang espirituwal. Subalit sinasabi rin ng Salita ng Diyos na ang pagsamba sa Lumang Tipan ay isang anino lamang ng darating. Isang guro o tagasupil na maghahatid sa atin sa tunay na pagsamba.

> *Colosas 2:16*
>
> *Kaya't ang sinoman ay wag humatol sa inyo tungkol sa pagkain at inumin, o tungkol sa kapistahan, o bagong buwan o mga araw ng Sabbath, na ang mga ito ay isang anino ng mga bagay na darating ngunit ang katawan ay kay Cristo.*
>
> *Hebreo 10:1*
>
> *Yamang ang kautusan ay anino lamang ng mga mabubuting bagay na darating at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay na ito…….*
>
> *Galacia 3:24*
>
> *Kaya't ang kautusan ay naging ating tagasupil hanggang sa dumating si Cristo…….*

Ituring natin na mga leksiyon ang mga matutunan natin sa Lumang Tipan o sa mga Kautusan. Ang mga katotohanang ito ay tumuturo lamang

sa pagsambang hinahanap ng Ama. Ngayong maliwanang na ito, maari na nating simulan ang pagsasaliksik.

Ang salitang "Samba" ay napaloloob sa pagpapahayag ng Diyos. Unang nabanggit ang salitang ito sa konteksto na patungkol sa Diyos nang sabihan ni Abraham ang kanyang mga kasamahan na maghintay sila sa gilid ng bundok habang sila ng kanyang anak na si Isaac ay "sasamba"

> *Genesis 22:5*
>
> *Sinabi ni Abraham sa kanyang mga batang tauhan, "Maghintay kayo rito at ng asno, at ako at ang bata ay pupunta roon upang kami ay* [3]***sumamba.*** *Babalikan namin kayo".*

Alam natin na ang tunay na layunin ni Abraham noong oras na iyon ay ang patayin ang kanyang anak bilang isang haing susunugin para sa Diyos. Ang tawag ni Abraham sa paghaing ito ay "pagsamba" o "pagluhod". Kung ang layunin lamang ni Abraham ay lumuhod, dapat ay mababasa natin sa mga sumusunod na talata na siya'y nagpatirapa. Subalit ito ay di natin makikita. Maliwanag na ang salitang "shachah" sa wikang Hebreo, na ginamit sa talatang 5, ay tumutukoy sa pagsamba at di lamang sa literal na pakahulugan na pagluhod. Wala tayong makikitang pagtatalaga sa Kasulatan na hayagang inutos ng Diyos ang pag-aalay bilang paraan ng mga mananampalataya upang sumamba sa panahong iyon. Ang tangi nating mapapansin ay ginawa na

[3] Ang pag-gamit ng pagdidiin dito at sa mga susunod na pahina ay sa may akda.

rin ito ng magkapatid na Cain at Abel sa mga nakalipas na panahon (Gen: 3-5). Si Job, na tinatayang nabuhay sa panahong pagitan nila Adan at Noe, ay naghain din ng hayop na sinusunog (Job 1:5). Maging si Noe na siyang naging ama ng bagong lipi ng tao ay naghandog din ng hayop na susunugin (Gen 8: 20). Sa lahat ng mga pangyayaring ito, si Abraham ang unang nagbanggit ng salitang "samba" bilang pang tukoy sa haing susunugin. Tila maliwanag sa mga tao sa panahong iyon na ang pag-aalay ng haing susunugin ay katumbas ng pagsamba.

Habang sinusundan natin ang kasaysayan ng Israel, makikita natin na may isa pang tinutukoy ang salitang "pagsamba". Ito ay matatagpuan natin sa pag-uusap ni Faraon at ni Moises nang ninais ng Panginoon na palayain ang kanyang bayan sa pagka-alipin. Sa Exodo 7:16, 8:1, 8:20, 9:1, 9:13, at 10:3 ay Sinabi ng Panginoon kay Faraon na, "Pahintulutan mong umalis ang aking bayan, upang sila'y **makasamba** sa Akin." Sa mga talatang ito, ang ginamit sa maraming salin ng Ingles ay "That they may **serve** Me". Ang salitang "makasamba" sa tagalog ay katumbas sa Ingles ng salitang "makapaglingkod" o "'abad" sa Hebreo. Ngunit sa Exodo 5:1, sinabi ng Panginoon kung ano talaga ang kanyang nais. Gusto niyang palayain ang bayang Israel upang magdiwang sila ng kapistahan .

Exodo 5:1

Pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay pumunta kay Faraon at sinabi, "Ganito ang sabi ng PANGINOON, ang Diyos ng Israel, "Hayaan mong umalis ang aking bayan upang magdiwang sila ng kapistahan sa Ilang para sa akin".

At sa Exodo 5:3 ay sinabi naman nila Moises ito:

> *Exodo 5:3*
>
> *Kanilang sinabi, "Ang Diyos ng mga Hebreo ay nakipagtagpo sa amin. Ipinapakiusap namin sa iyo. Pahintulutan mo kaming maglakbay ng tatlong araw sa ilang at* ***mag-alay*** *sa PANGINOON naming Diyos, kung hindi ay darating siya sa amin na may salot o tabak."*

Samakatuwid, malinaw sa mga Hebreo na kapag ang sinasabi ay paglilingkod o pagsamba, ito ay katumbas ng mga kapistahan at pag-aalay.

Ang mga pakahulugang ito ay matatagpuan natin sa mga aklat ng Exodo, Levitico at Deuteronomio. Dito ay masigasig na inutos ng Panginoon ang mga pagtatalaga niya sa mga tuntunin kung paano dapat isasagawa ng mga Israelita ang pagsamba sa Kanya. Ang mga tuntunin ay malinaw at detalyado. Katunayan lamang ito na mahalaga ang pagsamba sa mata ng Diyos at masasabi nating siya ay metikuloso.

Sumasaklaw sa mga tuntuning ito ang mga pagtitipon at kapistahan na tinalaga ng Diyos kung saan napaloloob ang paghain. Marami ang mga kapistahang ito ngunit tatlo ang pinaka-mahalaga. Ito ay ang Paskuwa (Passover), and Kapistahan ng mga Tabernakulo (Booths) at ang Kapistahan ng mga Linggo (Pentecost). Bukod sa mga pangunahing kapistahang ito ay meron ding mga pagtitipon (convocations) sa mga Sabbath at mga Bagong Buwan (New Moon). Niloob ng Panginoon na

palayain ang mga Israelita sa pakaka-alipin nila sa Ehipto upang kanilang magawa ang mga kapistahang ito para sa kanya.

Ito ang pagsambang kilala nila – ang pagsasagawa ng mga kapistahan at ang pag-aalay ng haing sinusunog.

Ang mga Sangkap ng Pagsamba sa Lumang Tipan

1. Ang Paglilingkod

Ayon sa mga nakita na nating pahayag ng Diyos sa Lumang Tipan, tila may dalawang bahagi ang pagsamba. Ang unang bahagi ay ang palilingkod na kinalolooban ng mga kapistahan at pag-aalay. Nang panahon nila Abraham ay di pa malinaw ito dahil wala tayong makitang paghahayag ng kasulatan ukol sa kahulugan ng pagsamba o pag-aalay.

Tatawagin natin itong "paglilingkod" dahil ito ay isang "service". Ang mga ritwal na ito ay ang ginagawa ng isang lingkod o saserdote.

> *Exodo 29:44*
>
> *Aking pakababanalin ang toldang tipanan, at ang dambana; gayundin si Aaron at ang kanyang mga anak ay aking pakababanalin upang* ***maglingkod*** *sa akin bilang pari.*

Ang mga pari o saserdote ang nangunguna sa mga kapistahan. Sila rin ang gumaganap ng pag-aalay. Dahil sa "ministeryong" ito, ang salitang "paglilingkod" ay naging kalakip ng "pagsamba". Marahil ay dito rin nanggaling ang modernong pangalan na "Worship Service". Ito ay "service" o "paglilingkod" na isinasagawa ayon sa kalooban ng Diyos. Katunayan ang salitang paglilingkod sa Roma 12:1 sa Bagong Tipan, na umaalala sa haing sinusunog, ay isinasalin sa Ingles sa New American Standard Bible (NASB) na "your spiritual service of worship". Sa ibang salin, "service" lamang ang ginamit at walang

"worship". Ang dahilan marahil nito ay ang salitang ginamit sa original na wika ay λατρεια, na sa ibang bahagi ng Bagong Tipan tulad ng Phil 3:3, Mga Gawa 7:42, at Hebreo 10:2 ay isinasaling "pagsamba". Ang salitang ito na "latreia" sa Griego ay galing sa salitang "latris" na may literal na kahulugang "paglilingkod ng isang taong inupahan". Umabot sa pagkakataon na ang gawain ng isang Levita sa templo ay tinawag na "paglilingkod" ngunit nagkaroon din ng ikalawang kahulugan na "pagsamba". Ito ay dahil di maihihiwalay sa pagsamba ang aspeto ng paglilingkod sa tabernakulo o sa templo na itinuturing na mga ritwal. Kung babalik tayo sa Roma 12:1, ang mga nagsalin ng NASB ay nahati sa paggamit lamang ng isang salita na katumbas ng "latreia" sa Griyego. Kung "paglilingkod" lamang ang kanilang gagamitin, mawawala ang mahalagang kahulugan ng salitang ito na mas maihahayag kung ang gagamitin ay "pagsamba". At kung "pagsamba" naman ang tanging gagamitin ay di mabibigyang diin ang "paglilingkod" na siya nga namang literal na pakahulugan ng salita at hinihingi ng konteksto. Upang mailarawan sa bumabasa ang lawak na sinasakop ng salita sa pagkakataong ito, isinalin ito sa NASB na "service of worship" o "paglilingkod ng pagsamba". Ito rin ang dahilan kung bakit nararapat na pahalagahan natin ang aspeto ng paglilingkod sa pagsamba sa Lumang Tipan.

Ang paglilingkod samaktuwid ay ang mga pisikal na gawain na kailangang isagawa ng mga saserdote upang ang espituwal na layunin ng Diyos ay matunghayan at maintindihan ng tao. Kalakip sa paglilingkod

na ito ang pagsasagawa, pamumuno at pamamalakad ng mga kapistahan at pag-aalay. Ito ay "ministry" ng tao. Kapag ito ay ginagawa na ayon sa kalooban ng Diyos, ang tao ay nakasasamba.

Tignan natin ang dalawang sangkap ng paglilingkod sa Lumang Tipan:

a. Ang mga Kapistahan

Kung ating susuriin ang mga kapistahang iniutos ng Panginoon, maiintindihan natin na ang tawag niya sa mga araw na ito ay "Pag-gunita" o "Memorial." Inutos niya ito upang makilala o maalala ng mga Isaelita na ang Diyos ay ang Panginoon. Ang katotohanang ito ay pinatutunayan ng kanyang mga dakilang gawa na paksa ng kapistahan:

> *Exodo 12:11-14 (Paskuwa)*
>
> *Sa ganitong paraan ninyo kakainin ito: may bigkis ang inyong baywang, ang mga sandalyas ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay nasa inyong kamay; at dali-dali ninyong kakainin ito. Ito ang paskuwa ng PANGINOON…."Ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang* ***alaala,*** *at inyong ipagdiriwang bilang isang pista ng PANGINOON……*
>
> *Levitico 23:39-43 (Kapistahan ng Kubol)*
>
> *Gayundin ang ika-labinlimang araw ng ikapitong buwan… Inyong tutuparin ito bilang isang kapistahan ng PANGINOON sa loob ng pitong araw sa bawat taon…..* ***upang malaman ng inyong salinlahi*** *na pinatira ko sa mga kubol ang mga anak ni Israel nang sila'y ilabas ko sa lupain ng Ehipto. Ako ang PANGINOON ninyong Diyos.*

Ito ang kahalagahan ng mga kapistahan - ang pag-aalaala sa mga ginawa ng Diyos. Ang nais ng Panginoon ay mapa-alalahanan ang mga Israelita tungkol sa mga dakilang pagkilos niya alang-alang sa mga Hudyo. Sapagkat tuwing nakikita ng isang Hudyo ang kadakilaan ng Diyos, siya ay tumutugon sa pamamagitan ng pagsamba. Sa gayon ding paraan, ang pag-aalala sa mga ginawa ng Diyos ay magreresulta din sa makahulugang pagsamba.

> [4]*Exodo 4:31*
>
> *At ang bayan ay naniwala; at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, ay iniyukod nila ang kanilang mga ulo at sumamba.*

May kapistahan na umaalala sa pagkakaligtas ng Israel sa mga sumpa ng Diyos. Ang pinakasukdulan nito ay nang sila'y lampasan ng sumpang kamatayan ng mga panganay na anak sa pamamagitan ng dugong ipinahid sa hamba ng pintuan. May kapistahan din na umaalala sa paglalakbay ng bayang Israel sa ilang. Sila ay patuloy na binigyan ng lahat ng kanilang pangangailangan habang sila ay tumira sa mga tolda o kubol at naglalakbay. May kapistahan din ng mga pag-ani na tumuturo sa patuloy ng pagpapala ng Panginoon sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng masasaganang ani.

---

[4] Ang Biblia; copyright 1982 by Philippine Bible Society

Bagama't hindi ito ang pagsambang nanggagaling sa puso, mahalaga ito sa pagdadala sa isang Hudyo sa isang kalagayang magtutulak sa kanya na tumugon. Ang aklat ng Levitico sa Lumang Tipan ay naglalaman ng maraming tuntunin ng Diyos sa paglilingkod ng isang saserdote (Levita). Kapansin-pansin sa aklat na ito ang listahan ng detalyadong gawain ukol sa pagdiwang ng mga kapistahan. Ito marahil ang bahagi ng Biblia na nakatatamad basahin. At kung ang bumabasa ay nawawalan ng gana, di ba't mas lalo na ang mga saserdote na siyang gumaganap nito? Maaring ito ang naging damdamin ng maraming suma-samba kaya nasabi ng Diyos na kinamumuhian Niya ang mga kapistahan at haing sinusunog.

> *Isaias 1:13-14*
>
> *Wag na kayong magdala ng walang kabuluhang alay; ang mga insenso ay karumaldumal sa akin. Ang bagong buwan, ang Sabbath, at ang pagtawag ng mga kapulungan – hindi ko na matiis ang kasamaan at banal na pagpupulong. 14 Ang aking kaluluwa ay namumuhi sa inyong mga bagong buwan at sa inyong mga takdang kapistahan, ang mga iyan ay pasanin para sa akin. Ako'y pagod na sa pagpapasan ng mga iyan.*

Ang banal na pagtitipon na dati ay kinalulugdan ng Diyos ay naging karumaldumal sa kanya. Ang dahilan ay ang pagkawala na ang kabuluhan ng paglilingkod, ito ay naging walang kwenta at naging mabigat.

b. Ang Haing Sinusunog

Kalakip ng mga pag-aalala ng mga kapistahan ay ang pag-aalay ng haing sinusunog. Katulad ng mga kapistahan, ito ay isang ritwal. Mga paglilingkod sa laman. Bagama't bahagi ito ng pagsamba, hindi ito ang kabuoan.

Ang pag-aalay ng haing sinusunog ay makikita natin sa buong Lumang Tipan. Ginawa ito ni Abel, Job, Noe, Abraham at ng mga anak niya hanggang sa ibigay ng Panginoon ang mga kautusan.

> *Job 1:5*
>
> *Pagkatapos ng mga araw ng kanilang pagdiriwang, sila ay pinasugo ni Job at ipinagbanal. Siya'y maagang bumabangon at sa umaga at naghahandog ng mga* ***handog na sinusunog*** *ayon sa bilang nilang lahat., sapagkat sinabi n Job, "Maaaring ang aking mga anak ay nagkasala, at sinumpa ang Diyos sa kanilang mga puso." Ganito ang palaging ginagawa ni Job.*

Dahil sa pahayag ng aklat na Job, alam natin na ang layunin nito ay upang matakpan o mapatawad ang mga sala ng nag-aalay. Maaari nating sabihin na hindi ito pagsamba, ngunit natunghayan din natin sa mga nakalipas na pag-aaral na tinawag itong "pagsamba" ni Abraham.

Kinakailangan rin ito sa mga kapistahan upang ang mga nakikibahagi sa mga ritwal ay maging banal at karapat-dapat. Ito ay paglilinis na hinihingi ng Panginoon upang ang kanyang mga alituntunin ay maganap ng mga saserdoteng pinaging-banal. Sa madla naman, ito ay nagdudulot ng pagtatakip ng kasalanang nagawa.

Hindi lingid sa kaalaman ng maraming bumabasa ng Salita ng Diyos na ang haing sinusunog ay tumutukoy sa sakripisyo ng Panginoong Hesus na siyang nagbayad sa kasalanan ng tao. Tumuturo ang pag-aalay ng Lumang Tipan sa gagawing ganap na paglilinis ng kasalanan sa Bagong Tipan. Ito ang dahilan kung bakit ang pag-aalay ay may bisa bagama't wala pa ang Mesias (Roma 3:25).

Kung maliwanag sa nag-aalay na ang layunin ng paghahandog ay ang kapatawaran ng kasalanan, tanging ang may kasalanan lamang ang nakapag-aalay na may kabuluhan sa kanyang sarili. Bakit siya mag-aalay kung buo sa isip niya na di siya nagkakasala. Sa sitwasyong ito makikita natin na ang nag-aalay ay may pangangailangan. Di lamang panglabas na ritwal ang kanyang pakay. Isa siyang makasalanang nagsisisi at may bagbag na damdamin. Ang pag-aalay ay paraan niya upang humuhingi ng tawad sa isang banal na Diyos. Kung ang nag-aalay ay di naniniwala na ang kanyang kasalanan ay tinubos na, ang handog na susunugin ay mananatiling isang patay na ritwal at ang sumasamba ay walang kagalakang nadarama. Ang pag-aalay na tinatanggap ng Diyos ay isang pusong bagbag at nagsisisi.

> *Mga Awit 51:17*
>
> *Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na diwa, isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos ay di mo hahamakin.*

Ang salitang "pagtubos" ang pinakamakahulugang salita na maaring tumukoy sa bahaging ito ng pagsamba. Sa ingles ay dalawang salita ang ginamit na pangsalin sa salitang Griego na "ilasko" (ιλασκω). Ito

ay “atonement” (pagtubos) at “mercy” (habag). Ang paggamit marahil ng salitang “habag” o “awa” ang dahilan kung bakit maraming tao ang naguguluhan sa aspeto ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng haing sinusunog. Tignan natin ang pagkagamit ng salitang ito sa pahayag ni Lucas:

> *Lucas 18:10-14*
>
> *10 Dalawang lalaki ang pumunta sa templo upang manalangin. Ang isa’y Fariseo at ang isa’y manininggil ng buwis. 11 Ang Fariseo ay nakatayo at nananalangin sa kanyang sarili na ganito, ‘Diyos pinasasalamatan kita na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga mangingikil, mga di makatarungan, mga mangangalunya, o gaya man ng manininggil ng buwis na ito. 12 Dalawang ulit ako nag-aayuno sa isang linggo, nagbibigay ako ng ikapu sa lahat ng aking kinikita. 13 Subalit ang manininggil ng buwis, na nakatayo sa malayo ay ayaw man lang itingin ang kanyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kanyang dibdib, na nagsasabi ‘Diyos mahabag ka sa akin na isang makasalanan.’ 14 Sinasabi ko sa inyo, nanaog patungo sa kanyang bahay ang taong ito na inaring ganap sa halip na ang isa……*

Ayon sa mga talata ay pumaroon sa templo ang dalawang tao upang manalangin. Marahil, ito ay habang inaalay ang handog sa umaga o sa gabi na ginagawa ng mga saserdote.

> *1Mga Cronica 16:40*
>
> *Upang patuloy na maghandog ng mga handog na sinusunog sa PANGINOON sa ibabaw ng dambana ng handog na sinusunog sa umaga at hapon, ayon sa nasusulat sa kautusan ng PANGINOON na kanyang inutos sa Israel.*

Pumunta sa templo ang dalawang lalaki upang manalangin habang tinutunghayan ang pag-aalay. Ang Pariseo ay mayabang. Tinuturing niya na ang kanyang mabubuting gawa ang nagpapasakdal sa kanyang sarili habang siya ay nakaharap sa Diyos. Ang haing kanyang nakikita ay walang kabuluhan sa kanya. Ang manininggil ng buwis naman ay bagbag at nagsisisi. Ngunit ang dapat nating maintindihan ay ang sinabi ng manininggil ng buwis. Winika niya, "O Diyos, mahabag (maawa) ka sa akin, isang makasalanan". Sa biglang tingin ay tila ba humihingi siya ng di tiyak na kapatawaran sa kanyang mga kasalanan, Subalit kung aalamin natin ang tunay na pakahulugan ng "habag" sa orihinal na salin, ito ay ang salitang "pagtutubos" sa tagalog, o "propitiation" sa Ingles (tignan sa 1 Juan 4:10). Ang salitang ito ay ginagamit sa ibang bahagi ng Bibliya na may kaugnayan sa pag-aalay. Katunayan, ang ibabaw ng kaban ng tipan ay tinatawag na "lulukan ng awa". Dito iwiniwisik ang dugo ng hain upang ialay sa Diyos.

Levitico 16:15

Pagkatapos ay papatayin niya ang kambing na handog pangkasalanan na para sa bayan, at dadalhin ang dugo niyon sa loob ng tabing, Ang gagawin sa dugo ay gaya ng ginawa sa dugo ng toro, at iwiwisik iyon sa ibabaw ng luklukan ng awa at sa harapan ng luklukan ng awa.

Ito ay bahagi ng pag-aalay. Sa luklukan ng awa nagaganap ang pagtatakip ng kasalanan na ang tawag ng Salita ng Diyos ay "pagtutubos".

Levitico 16:16

Gayon niya tutubusin ang santuwaryo dahil sa karumihan ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang mga pagsuway, sa lahat nilang mga kasalanan. Gayon ang kanyang gagawin sa toldang tipanan na nasa kanila, sa gitna ng kanilang karumihan.

Ang salitang ginamit dito na nasaling "pagtutubos" ay ang salita din na winika ng publicano na sinaling "kaawaan mo ako". Kung magiging tapat tayo sa pagkagamit ng orihinal na wika sa hiningi ng manininggil ng buwis ay marahil ito ang ating mababasa, "O Diyos, tanggapin mo ang haing ito na pantubos sa akin, isang makasalanan."

Sa pagkakataong ito, sinabi ng Panginoong Hesus na umuwi ang publicano na inaring-ganap siya ng Diyos. Ang pag-aalay ay naging makahulugan sa kanya. Tunay siyang nakasamba at tunay na napatawad ang kanyang kasalanan.

Samakatwid, ang pag-aalay ay ang bahagi ng pagsamba kung saan ang Diyos ay tumutugon sa pamamagitan ng pagtatakip ng mga kasalanan ng mga sumasamba. Hindi saklaw ng kakayanan ng tao ang pangyayaring ito. Ito ay gawain ng Diyos na kalakip sa pagsamba ng tao. Di man nakikita ng tao ang pagpatawad ng Diyos sa alay, ang puso ng naniniwala ay nakikinabang.

Isinaysay din ni Apostol Pablo ang dakilang layuning ito sa mga taga Roma. Kanyang pinaliwanag na ang kautusan, kung saan ang mga pag-aalay na napapaloob, ay nagpapaliwanag sa kasalanan ng tao:

Roma 3:20b

….sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala ng kasalanan.

Nakikita ng nag-aalay ang kanyang kundisyon at nahahambing niya ang kanyang makasalanang sarili sa kabanalan ng Diyos. At dahil ang kanyang mga kasalanan ay natakpan sa pamamagitan ng pag-aalay, ang kagalakan ng sumasamba ay umiibayo at nagbibigay kahulugan sa kanyang ginagawa.

Ang pag-alay ay ginagawa na may kinalaman sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit nagkatawang tao ang Panginoong Hesus. Sa pamamagitan ng kamatayan niya sa krus, ang mga paghahaing nakalipas ay nabigyan ng bisa. Ang "pagtatakip" ay naging "pagpapatawad". Ang mga kasalanang tinakpan noong unang panahon ay inalis, at ang mga tao na nag-alay ay napawalang-sala.

Hebreo 9:28

At gayundin naman si Cristo na inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami…..

Roma 3:25

Na siyang inialay ng Diyos bilang handog na pantubos sa pamamagitan ng kanyang dugo na mabisa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay kanyang ginawa upang maipakita ang pagiging matuwid ng Diyos, sapagkat sa kanyang banal na pagtitiis ay kanyang pinalampas ang mga kasalanang nagawa sa nakaraan;

Ang halaga ng mga talatang ito ay nasa pagbibibigay ng katiyakan sa bumabasa na ang pagtubos ng Panginoong Hesus sa krus ng Kalbaryo ay nagbigay bisa sa mga pag-aalay nang nakalipas na panahon. Ang pag-aalay ay nagpapatungkol sa kapatawaran ng kasalanan. Dito naipapakita ng Diyos ang kanyang pagkamatuwid. Hindi niya pinalampas ang mga kasalanan na walang kaparusahan, ngunit sa pagkakataong ito, ang kanyang bugtong na Anak ang tumanggap ng parusa upang ang mga nag-aalay ay mapawalang-sala.

Ito ang pagsamba ayon sa Lumang Tipan: ang pag-alaala ng kadakilaan ng Diyos at ang paglalahad ng Kanyang pag-ibig at kapangyarihan. Sa pamamagitan ng mga kapistahan at ng pag-aalay, ang isang taong umiibig sa Diyos ay namamangha at nalalagay sa tamang disposisyon.

2. Ang Pagtugon

Bagamat mas maliwanag ang ikalawang bahagi ng pagsamba na ito sa pahayag ng Bagong Tipan, maraming tao sa Lumang Tipan ang naintindihan ang ibig sabihin ng Pagtugon sa Pagsamba. Unang-una na sa aspetong ito ng pagsamba ang salitang “worship” sa Ingles na nangangahulugang “lumuhod sa harapan ng sinasamba”. Tandaan natin na hindi inutos ng Diyos na magpatirapa ang tao sa kanyang harapan. Maaring manawagan ang isang maka-Diyos na tao sa kanyang mga kausap na magpatirapa sila sa harapan ng Diyos ngunit hindi ito hiningi ng

Diyos sa tao. Ang iniutos niya ay mga ritwal. Ang Pagtugon ay ang kusang pagkilos ng isang pusong nakakikilala sa Diyos at sa katotohanang natutunghayan sa mga kapistahan at haing susunugin. Ang pagluhod ay hindi bahagi ng ritwal na tinalaga ng Diyos. Ito ang sagot ng isang pusong namamangha sa Diyos, pusong napupuno ng pasasalamat dahil hindi na iaatang sa kanya ang parusang katumbas ng kanyang kasalanan.

> *Mga Awit 32:1*
>
> *Mapalad siya na pinatawad ang pagsuway, na ang kasalanan ay tinakpan.*

Tunay na mapalad ang taong napatawad ngunit dapat nating maintindihan na ang salitang "mapalad" ay maari din isaling "masaya". Narito ang puso ng isang sumasamba. Masaya siya dahil sa kapatawaran ng kasalanan. Bagama't mahalaga ang mga ritwal sa paghahatid sa isang puso patungo sa tamang pagsamba, hindi ito ganap hanggang hindi tumutugon ang puso. Isipin natin ang libo-libong mga Hudyo na nagpapatirapa sa harapan ng templo habang ibinibigay ang alay sa Panginoon. Ilan kaya sa mga ito ang naging ganap ang pagsamba? Isa lamang ang maari nating gawing batayan. Ang umuwing masaya at handang ibigin at paglingkuran ang Diyos na sa kanila ay tumubos at patuloy na nagpapala, siya ang tunay na sumamba. Oo, ang buhay na pagsamba ay dumadaloy hanggang sa buhay sa labas ng templo. Nanunuot ito sa bawa't hibla ng kanyang buhay. Ito ang dakilang layunin ng Diyos para sa kanyang mga minamahal. Ang mga taong ito ang tinatawag

ng Bibliya na “matuwid” o “blameless”. (Gen 6:9, Job 1:1, Mat 1:19, Lucas 1:5-6,)

Balikan natin ang dalawang bahagi o aspeto ng pagsamba. Ito ang Paglilingkod na kinabibilangan ng kapistahan at ng Pag-aalay, at ang Pagtugon. Ang taong naglilingkod sa templo ay maaaring abala sa ministerio ngunit kung di niya naiintindihan ang ihinahayag ng mga ritwal, di rin siya nakasasamba. Maintindihan man niya ang mga paghahayag na isinasagawa sa paglilingkod (service) kung di niya naman isinasaalang-alang ang pagtubos na sa kanya ay inaalok ng Diyos sa pamamagitan ng haing sinusunog, hindi rin lubos ang kanyang kagalakan at marahil ay di siya naka-aabot sa isang makahulugang pag-tugon. Kailangan ang mga pagpapa-alala sa mga dakilang ginawa ng Diyos upang makita ng mga tao ang Kanyang kadakilaan. Ito ay paulit-ulit upang di malimutan. At kapag hayag na sa kanila ang tunay na Diyos, ipapakita naman Niya ang hangganan ng Kanyang awa sa pamamagitan ng paghahayag ng kanyang pagtubos. Napapatawad ang sala sa pag-aalay ng haing susunugin. Ngayong kilala na niya ang Diyos, makikinabang naman siya sa biyaya ng Diyos sa pagpapawalang-sala. Ang tao ay mamamangha sa Panginoon, magpapasalamat sa kanya at siya sa sasamba sa pamamagitan ng pagyukod at pagsunod sa Diyos sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay.

Maaaring lumuhod ang isang taong wala namang pusong sumasamba ngunit ito ang pagsambang kinamumuhian ng Diyos. Ayaw niya ng pagluhod na ginagawa lamang dahil ito ay ginagawa ng iba, dahil ito

ay uso, o dahil ito ay kahanga-hanga. Kailangan ang katotohanan na ihinahayag sa kapistahan, kailangan din ang pagtutubos, at higit sa lahat kailangan ang dalisay na pagtugon. Tatlong bahagi na di magiging ganap kung wala ang isa. Maaring tawaging pagsamba ang bawat isa ngunit hindi nakalulugod sa Panginoon kung hindi kinabibilangan ng tamang puso.

Ang Kahatulan sa Hindi Pagsunod sa Tuntunin ng Diyos

Mabisa man ang mga kapistahan at paghahain upang madala ang mga Hudyo sa tamang pagsamba, hindi sa lahat ng pagkakataon ay humahantong ito sa makahulugang pagsamba. Kapag ang tuntunin ng Diyos ay sinusuway o di sinusunod ayon sa letra, ang resulta ay hindi maganda. Mayroong mga halimbawa sa Biblia ng mga sumuway sa mga tuntuning ito at ang naging kahatulan ng Diyos ay nakakatakot.

Unang-una na dito ang paghain ni Cain at Abel. Nag-alay si Cain ng bunga ng kanyang mga pananim at si Abel naman ay isang hayop. Simple ang tugon ng Diyos. Tinanggap Niya ang haing hayop ngunit tinanggihan Niya ang haing pananim. Hindi mahirap intindihin na seryoso ang Panginoon kapag pag-aalay o pagsamba ang pinaguusapan. Ikalawa marahil sa listahan ng mga sumuway sa kalooban ng Diyos ay ang mga anak ni Aaron na saserdote ng Diyos. Sila ay sina Nadab at Abihu. Nagsindi sila ng kakaibang apoy na hindi ayon sa patakaran ng Diyos at sila ay tinupok ng Diyos sa pamamagitan ng apoy na nanggaling sa harapan ng Panginoon at ito'y kanilang kinamatay.

Levitico 10: 1-2

1 Noong si Nadab at Abihu, na mga anak ni Aaron,
ay kumuha ng kanya-kanyang suuban at nilagyan ng
apoy ang mga ito at pinatungan ng insenso.
Sila'y naghandog sa harapan ng PANGINOON ng ibang
apoy na hindi niya inutos sa kanila. 2 At lumabas
ang apoy sa harapan ng PANGINOON, nilamon sila,
at namatay sila sa harapan ng PANGINOON.

Malinaw ang mensahe ng Panginoon sa mga insidenteng ito. Ayaw Niya na sinusuway ng sinoman ang mga patakaran niya patungkol sa paghain o pagsamba. Nais ng Panginoon na maging dalisay ang pagsamba upang ang pakahulugan nito ay manatili at di mahaluan ng nakasisirang pamamaraan. Hindi dapat masira ang larawan na ihinahayag ng Diyos sa mga kapistahan at pag-aalay.

Ang Panginoon sa pagkakataong ito ay parang isang arkitekto na lumilikha ng bahay. Kapag ang mga taong gumuguhit para sa kanya ay magkukusang lumikha ng mga guhit na di ayon sa utos ng arkitekto, maaring masira ang bahay. Gayun din ang Diyos. Nais niyang hipuin ang mga tao sa pamamagitan ng pagsambang itinalaga Niya. Kung ang magsisipanguna sa pagsamba ay magiging "creative" o magpipilit ng kanilang sariling bersiyon, hindi makikita ng tao ang nais ihayag ng Diyos.

Isa pang mahalagang aral ang makikita natin sa kasaysayan ng mga hari ng Israel pagkatapos ni Solomon. Nakalulungkot man isipin, ngunit maraming mananampalataya ang hindi maalam sa mga kasaysayang ito. Tandaan natin, na dahil ito ay kalakip sa Salita ng Diyos, mayroon itong layunin na turuan tayo. Ang mga aral na ating makikita ang siyang magiging taga-akay natin sa ating pagsunod bilang mga mananampalataya ng Bagong Tipan.

Si David at Solomon ay pinupuri ng Bibliya bilang mga haring sumusunod sa Panginoon. Ngunit ang mga hari ng nahating kaharian pagkatapos nila ay nagsimulang maging masuwayin sa Diyos at ang

resulta nito ay hindi maganda. Pangunahin sa kanilang pagsuway ay ang di pagsunod sa alituntunin ng Diyos ukol sa pagsambang banal.

Si Jeroboam na binigyan ng Panginoon ng sampung tribo ng Israel upang pagharian ay ang unang nagkasala.

1 Mga Hari 11: 31

…..sapagkat ganito ang sinabi ng PANGINOON, ng Diyos ng Israel, "Aking aagawin ang kaharian sa kamay ni Solomon at ibibigay ko ang sampung lipi sa iyo."

Ibinigay ng Panginoon ang sampung lipi kay Jeroboam dahil nais niyang iwan ang lipi ni Juda sa anak ni Solomon upang ang kaharian ni David ay magpatuloy. Isa pa sa dahilan kung bakit itinira ng Panginoon ang Juda kay Solomon ay sapagkat nasa Juda ang Jerusalem na kung saan itinayo ang templo. Nais ng Panginoon na pagharian ni Jeroboam ang bayan ng Israel ngunit itinira ng Dios ang Juda sa mga anak ni Solomon upang ang pagsamba ay manatili dito. Hindi nagustuhan ni Jeroboam ang kaayusang ito. Ninais din niya na magkaroon ng templo sa kanyang kaharian na tulad ng sa Juda. Pinagplanuhan niya ito dahil ayaw niyang bumalik ang mga Hudyo sa kaharian ni Rehoboam kapag sila ay sasamba na sa templo ng Jerusalem.

1 Mga Hari 12: 27-28

Kapag ang bayang ito ay umahon upang maghandog ng mga alay sa bahay ng PANGINOON sa Jerusalem, ang puso ng bayang ito ay babalik sa kanilang panginoon, samakatwid ay kay Rehoboam na hari ng Juda. Ako'y papatayin nila at babalik sila kay Rehoboam na hari ng Juda. 28 Kaya ang hari ay humingi ng payo at gumawa ng dalawang guyang

ginto. Sinabi niya sa kanila, "Kalabisan na sa inyo ang pumunta pa sa Jerusalem. Masdan mo O Israel, ang iyong mga diyos na nagdala sa inyo mula sa lupain ng Ehipto."

Gumawa siya ng sarili niyang dambana at diyos-diyosan. Mahalaga sa ating pag-aaral ang kaalaman na ang larawan ng kanyang diyos ay guyang ginto. Sumandali po tayong lumayo upang isipin kung saan sa Lumang Tipan ang Panginoon ay nilarawan sa pamamagitang ng guyang ginto. Hindi ba't ito ay nang umalis si Moises panandalian at ang mga Israelita, sa pangunguna ni Aaron, ay lumikha ng imahen na sasambahin? Hindi ba't ang kanilang ginawa ay guyang ginto rin? Sa pagsusuri, ating makikita na ang kanilang ginawa na guyang ginto ay hindi representasyon ng ibang diyos kundi larawan ng tunay na Diyos!

Exodo 32: 4-5

Kanyang tinganggap ang ginto mula sa kanila at hinubog ito sa pamamagitan ng isang kagamitang panlilok, at ginawang isang hinulmahang guya. At kanilang sinabi, "Ang mga ito ang iyong mga diyos , O Israel, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto!" 5 Nang makita ito ni Aaron, nagtayo siya ng isang dambana sa harapan niyaon. Nagpahayag si Aaron at sinabi, "Bukas ay isang pista sa PANGINOON!"

Hindi sila sumamba sa ibang diyos, si Jehovah rin ang kanilang sinamba ngunit ang mali ay ang paraan. Tama ang motibo, mali ang paraan, at ang resulta ay ang pagkasuklam ng Diyos.

Ito rin ang ginawa ni Jeroboam. Ang Panginoon pa rin ang kanyang pinasasamba ngunit ang kakaiba ay ang lugar ng pagsamba at ang pamamaraan na di ayon sa utos ng Diyos. Ang parusa ng Diyos ay

bumagsak sa dambanang niyari ni Jeroboam at ito ay nahati sa gitna (1 Mga Hari 13:5) at ang kanyang kamay ay natuyo na parang tuod (1 Mga Hari 13:4).

Halos lahat ng mga hari sa Israel at Juda ay sumuway at lumayo sa Diyos. Ang makikita nating kasalanan nila ay ang pagsuway sa tinalagang pagsamba ng Diyos. Meron ding mga hari na naging tapat katulad ni Josia at Hezekiah at ang nasabing kabutihan na nagawa nila ay ang pagbabalik ng pagsambang ayon sa tuntunin ng Diyos. Makikita natin na kahit maganda ang layunin, kapag hindi sinusunod ng tao ang pagsambang inutos ng Diyos, hindi tinatanggap ng Diyos ang pagsamba at ang buhay ng mga sumasamba ay nalalayo sa Diyos.

Mga Pangyayaring Nakaapekto sa Pagsamba

Nehemias 8:8

Kaya't sila ay bumasa mula sa aklat, sa kautusan ng Diyos, na may pakahulugan. Kanilang binigay ang diwa, kaya't naunawaan ng mga tao ang binasa.

May mga pangyayari sa kasaysayan ng bayang Israel na nagbantang makaapekto sa kanilang mga kapistahang alay sa Diyos. Ito ay ang kanilang pagkatalo sa bayang Babylonia. Sila ay nagapi at hinakot patungong Silangan upang gawin alipin. Maraming taon na sila ay napatira dito at ilang saling-lahi ang nadagdag sa kanilang bilang na hindi na nakauunawa sa kanilang wika – ang wikang Hebreo. Marami sa kanila ay iba na ang nakikilalang wika. At dahil ang Salita ng Diyos ay isinulat sa wikang Hebreo, kinailangan na ang mga katotohanang nasusulat sa mga Aklat ni Moises at mga pahayag ni David ay ipaliwanag sa bago nilang wika. Ito ang naging bagong paglilingkod ng mga tapat na Hudyo. Binabasa nila ang mga katotohanan sa mga aklat at ito ay ipinapaliwanag sa mga tao. Ginawa ito ng mga eskriba nang sila ay bumalik sa kanilang bayan galing sa Babylonia.

Hindi lamang ang pagka-alipin nila ang nagdulot sa kanila ng problemang ito. Marami sa mga Hudyo ang nag-asawa at tumira sa mga karatig bayan at di maiwasang mahaluan ang kanilang pananalita ng mga wika ng mga tao sa paligid ng Israel. Umabot sa sukdulan ito nang panahon na ng Panginoong Hesus. Karamihan na sa mga Hudyo ay Griego

at Aramaiko na ang kilalang wika. Kinailangan na sa panahong ito na ilimbag muli ang mga Kasulatan sa mga wikang ito.

Kasama sa na-apektuhan ng pangyayaring ito ay ang pag-intindi sa mga "pag-alaala" na napapaloob sa pagsamba ng mga Hudyo. Kung kanilang susundin ang mga kautusan, kalakip dito ang paghahayag ng mga kasaysayang nagkukuwento ng mga gawang dakila ng Diyos na nasusulat sa lumang Hebreo. Natitiyak nating hindi na nila lubusang naiintindihan ang lahat ng nahahayag sa mga pag-alaala. Isang halimbawa na makikita natin ay ang awit ng Pagpapasalamat na inutos ni David sa 1 Cronica 16: 8-36. Kinakailangan na na ito'y basahin, isalin sa Griego at ipaliwanag.

Mahalaga sa pagsamba ang pagkakaintindi ng nakikinig sa mga nahahayag. At kung hindi, nawawala ang saysay ng pagsamba. Marahil ito ang dahilan kung bakit nasasabi ng Banal na kasulatan na ang mga haing susunugin ay naging karumaldumal sa Panginoon.

> *Mga Awit 40:6*
>
> *Hain at handog ay di mo ibig, ngunit binigyan mo ako ng bukas na pandinig. Handog na sinusunog at handog na pangkasalanan ay hindi mo kinailangan.*

Patuloy man ang paghain, ang pag-gunita at ang pagsamba, kung nawawala naman ang pakahulugan, hindi rin ito magdudulot ng isang mapagsambang puso sa nakikinig. Sa ganitong paraan, ang paglilingkod ay nagiging isang pakitang-tao, isang pagtupad lamang sa obligasyon at hindi na bunga ng tunay at dalisay na pag-ibig sa Panginoon.

Ang ganitong pagkakamali sa pag-gunita ay nagpatuloy hanggang sa pagdating ng ating Panginoong si Hesus. Ang bahay sambahan ng Diyos ay naging isang lugar ng kahinahinalang kalakal dahil ang banal na pagsamba ay ginawa nilang negosyo. Bakit? Dahil nawala na ang tunay sa saysay nito.

> *Mateo 21:13*
>
> *Sinabi niya sa kanila, 'Ang aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan', ngunit ginagawa ninyo itong yungib ng mga magnanakaw.*

Higit dito, maraming Hudyo ang nagkalat na sa iba't ibang bansa at hindi na kilala ang wika ng mga saserdote. Nagpatuloy ang kanilang pagsamba sa pamamagitan ng taon-taong pag-gunita ng mga kapistahan subalit kakaunti lamang ang nakauunawa sa mga katotohanang nagdudulot ng tunay na pagsamba. Kung kanila lamang naiintindihan ang mga paglalahad, dapat ay nakita na nila na ang mga kapistahan at pag-aalay ay tumutukoy kay JesuCristo na kanilang pinatay. Marami sa mga dumadalo sa nga kapistahang ito ay relihiyoso. Ito ay nangangahulugan na tapat sila sa kanilang paniniwala. Ang kulang na lamang ay ang mahusay na pagkaunawa ng mga binibigkas at inaawit ng mga Levita sa mga pagpupulong. Alalahanin natin na ang mga kapistahan ay isang pag-gunita. Inaawit at binibigkas sa mga kapulungang ito ang salaysay ng mga dakilang ginawa ng Diyos. Ngunit kung di nila ito lubusang naiintindihan, nawawalan ng kahulugan ang kapistahan. Hindi ito magiging makahulugan kung hindi maihahayag

muli ang salaysay ng mga nangyari nang ang Panginoon ay kumilos sa kanilang kalipunan.

Sa kadahilanang ito ay kumilos ang Panginoon habang inaalala nila ng Kapistahang ng mga Linggo o Araw ng Pentecostes sa Mga Gawa kapitulo 2.

Mga Gawa 2:1-11

Nang dumating ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nagkakatipon sa isang lugar. 2 Biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila'y nakaupo. 3 Sa kanila ay may nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila. 4 Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. 5 Noon ay may naninirahan sa Jerusalem na mga relihiyosong Judio, buhat sa bawat bansa sa ilalim ng langit. 6 Dahil sa ugong na ito ay nagkatipon ang maraming tao at nagkagulo sapagkat narinig nila ang bawat isa na nagsasalita sa kani-kanilang wika. 7 Sila ay nagtaka, namangha at nagsabi, "Tignan ninyo, hindi ba mg taga-Galilea ang lahat ng mga nagsasalitang ito? 8 Paanong naririnig natin, ng bawat isa sa atin, ang ating sariling wikang kinagisnan? 9 Ang mga Parto, at mga Medo, at mga Elamita, at mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia. 10 Sa Frigia, sa Pamfilia, sa Ehipto at sa mga lupain ng Libya na sakop ng Cirene at mga panauhing taga-Roma, mga Judio, at gayundin ang mga naging Judio. 11 Mga Creteo at mga Arabe, ay naririnig nating nagsasalita sa ating mga wika tungkol sa mga makapangyarihang gawa ng Diyos."

Ayon sa salaysay ng Salita ng Diyos, marami ang nagtipon sa kapistahan ng Pentecostes. Sari-saring Hudyo na galing sa maraming bayan ang nagtipon upang alalahanin ang kapistahan ng pag-ani. Sa

pagkakataong ito bumaba ang Banal na Espiritu sa mga Apostol sa pamamagitan ng mga dilang tila apoy na kumalat sa bawat isa. Marahil ang naiisip natin ay apoy ang kanilang nakita na hugis dila, ngunit kung ipaghahambing-hambing natin ang mga iba't-ibang salin ng Biblia sa Ingles, ang tunay nilang nakita ay "dila na tila apoy na kumalat" at hindi "apoy na hugis dila". Unang-una na dapat nating maintindihan na nang panahong yaon, ang salitang "dila" o "glossa" sa Griego ay siya ring salita na ginagamit kapag ang ibig sabihin ay "wika". Ang nakita nila ay mga wika na tila apoy na kumalat sa bawat isang nasa silid. Makatitiyak tayo na ito ang pakahulugan dahil ang mga apostol sa v.11 ay sinabing nagsalita sa iba't-ibang wika.

Ang ginawa ng Banal na Espiritu ay binigyan Niya ng kakayanan ang mga Apostol na makapagsalita sa wikang naiintindihan ng mga tao. At ano ang kanilang narinig? Di ba't ang mga makapangyarihang gawa ng Diyos? (Gawa 2:11) Tiniyak ng Panginoon na ang kapistahan ay di masayang sa pamamagitan ng pagpapaintindi sa mga mabubuting Hudyo ang Kanyang kadakilaan – ang tunay na layunin ng mga kapistahan.

Ang kakulangan ng tao ay pinuno ng Diyos, at sa pagkakataong ito, ipinanganak ang Iglesia. Sa pamamagitan ng makahulugang paghahayag, nakita ng mga tao na ang tinutukoy ng mga kapistahan at ng pag-aalay ay ang ginawa ni Hesus sa krus. Ihinanda na ng Diyos ang paglipat mula sa lumang pagsamba tungo sa pagsambang hinahanap ng Ama. Ito ang pagsamba ayon sa Bagong Tipan.

Ang Pagsamba sa Bagong Tipan

Bagama't sapat at banal ang pagsambang itinalaga ng Diyos sa lumang tipan, dumating ang panahon na nagwika ang Panginoong Hesus na ito ay titigil:

> *Juan 4:21-23*
>
> *Sinabi sa kanya ni Hesus, "Babae, maniwala ka sa akin na darating ang oras na inyong sasambahin ang Ama, hindi sa bundok na ito o sa Jerusalem. 22 Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nakikilala. Sinasamba namin ang nakikilala namin sapagkat ang kaligtasan ay mula sa mga Judio. 23 Subalit dumarating ang oras na ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa kanya."*

Binigkas ni Hesus ang isang paghahayag na titigil ang pagsambang kilala ng mga Hudyo (at Samaritano). Ito raw ay papalitan ng pagsambang espirituwal. Hindi na sa bundok, kung saan sinusunod ng mga Samaritano ang kanilang bersiyon ng unang limang aklat ng Lumang Tipan. Hindi na rin daw sa Jerusalem, kung saan matatagpuan ang Templo na ang pagsamba ay ayon sa tuntunin ng Diyos na Kanyang hinayag kay David at sa mga propeta. Ito ang sinasabi ng Panginoong Hesus na titigil at papalitan. Kung ang pagsamba sa pamamagitan ng mga kapistahan at haing susunugin ay pinalitan, ano ang ipinalit?

Kailangan na ang ipapalit ay kahawig ng pinalitan. Dahil kung hindi ito kahawig, ang lumang pagsamba ay walang saysay. Alam natin na ang lumang tipan ay larawan o anino ng darating. Hinihingi ng pagkakataon na ang tunay na anyo ay kahawig ng anino.

Ano ang napaloloob sa Bagong Tipan na kahawig ng mga kapistahang tinalaga ng Diyos sa Lumang Tipan? Ano ba ang ibinigay ng Diyos sa Bagong Tipan na gumugunita sa dakilang gawain ng Diyos at nagmimistulang "Memorial"?

Hindi ba't ito ang Paghahati-hati ng Tinapay o ang Hapag ng Panginoon?

> *1Corinto 11:24-26*
>
> *At nang siya ay nakapagpasalamat, ito ay kanyang pinagputol-putol, at sinabi, "Ito'y aking katawan na pinagputol-putol para sa inyo. Gawin ninyo ito sa* ***pag-alaala sa akin.****" 25 Sa gayunding paraan ay kinuha niya ang kopa, pagkatapos maghapunan, na sinasabi, "Ang kopang ito ay siyang bagong tipan sa aking dugo. Gawin ninyo ito tuwing kayo'y iinom nito, sa* ***pag-aalaala sa akin.****" 26 Sapagkat sa tuwing kainin ninyo ang tinapay na ito at inumin ang kopa,* ***ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon*** *hanggang sa dumating siya.*

Kapag ating inaalala ang dakilang sacripisyo sa krus, tayo ay dinadala ng Diyos sa pag-alaala ng ating kalalagayan kay Hesus, at ang resulta nito ay pagsamba. Sa Hapag ng Panginoon, tayo ay naghahayag ng kanyang kamatayan at ito ay ating gagawin hanggang sa kanyang pagbalik. Ang pagkakahawig nito sa mga kapistahan ng Lumang Tipan ay di natin maikakaila. Ito nga ang tinutukoy ng Panginoong Hesus na pagsambang espirituwal.

Nasaan na ngayon ang haing susunugin. Wala na ito sa pagsambang ayon sa Bagong Tipan. Inalis na ang una upang maitatag ang ikalawa.

Hebreo 10:8

Nang sabihin niya na, "Hindi mo ibig at hindi mo rin kinalugdan ang alay at mga handog, at mga buong handog na sinusunog at mga alay para sa kasalanan" na naihahandog ayon sa kautusan, 9 pagkatapos ay idinagdag niya, "Inalis niya ng una, upang maitatag ang ikalawa."

Ang sakripisyo ng Panginoon ay tumapos na sa haing sinusunog. Hindi na ito isang ritwal. Ito ay naging isang kaganapang tapos. Nananatili na lamang ang larawan ng haing sinusunog sa alaala ng isang taong nagpapasalamat sa kanyang pagkatubos. Hindi na siya gawain ng laman, isa na itong katotohanang espirituwal. Ang pumalit sa haing sinusunog ay ang pag-aalaala sa kamatayan ng Panginoon Hesus sa pamamagitan ng tinapay at katas ng ubas.

Ang pag-gunita sa Hapag ng Panginoon ay nag-aalaala sa nakalipas na pagtubos, at ito ay ihinahayag. Ang tatlong kapistahan ng mga Hudyo ay napalitan ng isa. At ang paksa ng mga kapistahan ay napalitan din ng iisang paksa – ang kaluwalhatian ng Panginoong Hesus. Mabanggit man ang mga dakilang ginawa ng Diyos sa Lumang Tipan, ito ay tumuturo pa rin sa ginawa ng Panginoong Hesus sa huli. Siya na ang puno't dulo ng bagong pagsamba. Ito ang pinahayag ni Pedro sa Mga Gawa 2 nang kasihan siya ng Banal na Espiritu sa Pentecostes. Ihinayag niya ang mga nasulat ng mga propeta at pinaliwanag niya na ito ay tumuturo sa pagtubos ni Hesus.

Paano isasagawa ang Paghahati-hati ng Tinapay

Bago na ang inaasahang pagsamba ng Ama sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan. Ang luma ay lumipas na, at ito ay tinaguriang "anino" ng mga bagay na darating. Kung tayo man ay ibig sumamba sa paraan ng Diyos, di na dapat sa paraan ng Lumang Tipan ngunit mahalaga na ito'y manatiling kahawig ayon sa mga aral. Ang layunin ng Diyos sa Lumang Tipan ay upang ito ay maging larawan o anino ng mas mahalaga at makahulugang pagsamba (Colosas 2:16-17).

Katulad ng alituntunin ng Panginoon sa pagsamba sa Lumang Tipan, malinaw ang "instructions" kung paano gagawin ang paghahati-hati ng tinapay. Sa pamamagitan ng simbulo ng tinapay at saro ay alalahanin natin ang ginawa ni Kristo sa krus. Mas maiiintindihan natin ang pamamaraang ito kung ihahambing natin ito sa dalawang bahagi ng pagsamba sa Lumang Tipan. Ito an paglilingkod at ang pagtugon.

1. Ang Paglilingkod

Katulad ng mga kapistahan sa Lumang Tipan, ang Hapag ng Panginoon ay dapat na gawing pagaala-ala. Kailangan na may tinapay at saro ayon sa ibinilin ng Panginoon (1 Cor 11: 24-26). Kasabay ng pagbasbas ng tinapay at saro ay dapat na isagawa ang pagaala-ala. Paano ba ito gagawin? Tignan natin ang isang pangyayari na si Hesus mismo ang naglahad upang ihanda ang puso ng mga mananampalataya sa tinapay:

Lucas 24:

13 Nang araw ding iyon, dalawa sa kanila ang patungo sa isang nayong tinatawag na Emaus…..

15 Samantalang sila'y nag-uusap at nagtatanungan, Si Hesus mismo ay lumapit at naglakbay na kasama nila…..

25 At sinabi sa kanila, "O napakahangal naman ninyo at napakakukupad ng mga puso sa pagsampalataya sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta.

26 Hindi ba kailangang ang Cristo ay magdusa ng mga bagay na ito at pagkatapos ay pumasok sa kanyang kaluwalhatian?"

27 At magmula kay Moises at sa mga propeta ay ipinaliwanag niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kanya sa lahat ng mga kasulatan.

30 Habang siya'y nakaupong kasama nila sa hapag, kanyang dinampot ang tinapay at binasbasan. Ito'y kanyang pinagputol-putol at ibinigay sa kanila.

Ayon sa talatang 27, sinasabing magmula kay Moises at sa lahat ng mga propeta ay pinaliwanag ni Hesus ang mga bagay na tumutukoy sa kanya. Ang pagpapaliwanag ng mga bagay na ito ay tumuturo sa kadahilanan ng kanyang pagkakatawang tao na humantong sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Sa pagkakataong ito, pinakita ng Panginoon kung paano dadalhin ang isang mananampalataya sa tamang pag-iisip na handa sa paghahati-hati ng tinapay. Ang magbabahagi sa Hapag ng Panginoon ay nagsasay-say ng mga katotohanang nasa Biblia tungkol sa Panginoong Hesus at sa Kanyang ginawa sa lupa. Magsimula dapat ito sa Kautusan (Moises) na tumuturo sa Pagtutubos ni Hesus ng

kasalanan ng tao (Roma 3:20) hanggang sa mga propeta na tumutukoy sa pagpapahayag ng mga mangyayari sa Cristo hanggang sa mga gantimpalang kalakip ng pagpapawalang-sala sa mga mananampalataya (Apokalipsis 22:12).

Ang pagtitipong ito ay "specific" ang paksa. Ang mga hinahayag ng mga nangunguna sa pagtitipon ay may pinagpapatungkulan. Hindi ito tungkol sa tao, sa nagagawa ng tao, sa gagawin ng tao, o sa ano pa mang paksa. Si Hesus ang paksa. Hindi ito pagtuturo o pag-sesermon. Ito ay pag-gunita. May panahon para magturo tungkol sa maraming bagay na nasa Biblia ngunit ang Hapag ng Panginoon ay isang "memorial" o pag-alaala sa Panginoong Hesus at sa lahat ng nasusulat sa Bibliya tungkol sa kanya at sa kanyang ginawa.

Malawak at malalim ang mga katotohanang tungkol sa Panginoong Hesus sa Biblia at kinakailangan ang pagsaliksik upang ito ay maintindihan at masapuso. Kaya nga ang mga nangunguna sa Iglesia ay dapat na bihasa sa mga kapahayagang ito upang maari itong huguting ng Banal na Espiritu mula sa kanilang alaala upang ibahagi sa paghahati-hati ng tinapay at saro.

Ang kalayaan ng mga kapisanan sa pagsunod sa mga paglilingkod na ito ay nasasaklawan ng isang mahalagang tuntunin. Dapat ito ay isagawa sa espiritu.

Ang bagong pagsamba ay di gawain ng laman. Tungkulin ng Banal sa Espiritu ang magtulak sa isang mananampalataya upang sumamba.

Siya ang "worship leader" at siya rin ang "Programs Committee". Hindi ang tao ang magtutulak sa mananampalataya upang sumamba kundi ang katotohanang ihinahayag ng Banal Espiritu. Tandaan natin na ito ay isang espirituwal na pagsamba. Ang dapat na kumilos ay ang Banal na Espiritu.

> *Juan 4:23*
>
> *Subalit dumarating ang oras at ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa Kanya.*
>
> *Filipos 3:3*
>
> *Sapagkat tayo ang pagtutuli na sumasamba sa Diyos sa espiritu at nagmamapuri kay Cristo Hesus, at walang anumang pagtitiwala sa laman.*

Hindi tayo nagtitiwala sa laman. Totoo ang Espiritu ng Diyos at totoong kaya niyang pangunahan ang pagsamba ng mga mananampalataya. Dapat na magpasakop sa Banal na Espiritu ang magbabahagi o maghahayag sa paglilingkod ng pagsamba. Dapat ay walang programang hinahanda at sinusunod. Malaya ang Banal na Espiritu na magpakilos sa mga nais niyang maghayag, magpa-awit o manalangin. Ang mga [5]lalaking tatayo upang mag-bahagi ng Salita ng Diyos ay umaasa sa pagkilos ng Banal na Espiritu.

[5] Tignan ang kapitulong pinamamagatang "Ang mga Nangunguna sa Hapag ng Panginoon"

Isipin natin ang mga pagkakataon na ang paghahati-hati ng tinapay ay isinagawa ng mga disipulo sa bagong tipan (Gawa 2:46, 20:7, 20:11). Nakatitiyak tayo na hindi sila gumawa ng programa na kanilang sinusundan habang sila ay sumasamba. Ito ay "spontaneous"

Maaring maghanda bago dumating ang pagsamba ngunit dapat na hintayin ng magbabahagi ang udyok ng Espiritu. Maari ding italaga ng kapulungan ang haba ng oras ng pagsamba at ng dami ng mga magbabahagi at ang bilang ng aawitin ng kapulungan ngunit ang nilalaman at pagkasunod-sunod ng mga pagbabahagi ay dapat na iasa sa Banal na Espiritu.

Maaari ding magpa-awit ng mga himno kasabay ng mga paghahayag tulad ng ginawa ng mga apostoles nang sila ay huling mag-banal na hapunang kasama ng Panginoon (Mateo 26:30). Natural na dapat ang mga himno ay may kinalaman sa paksa ng pagtutubos ni Cristo at sa tugong pagpapasalamat ng mga sumasamba. Kung sa palagay ng mga nangunguna ay sapat na ang mga naihayag upang maitaas ang Panginoong Hesus, ipapanalangin at babasbasan na ang tinapay at saka hahatiin at ipamamahagi. Ang pagkakahati ng tinapay ay isang makahulugang simbolo ng pagkakadurog sa katawan ng Panginoon sa ikaliligtas ng lahat (1 Cor 11:24).

Ayon din sa ibinigay ng Panginoon, ang saro ng katas ng ubas ay babasbasan, ipagpapasalamat, at [6]ipapasa upang makinabang ang lahat ng sumasamba. Ang paglilingkod na ito ay simple ngunit puno ng kahulugan. Sa pamamagitan nito, nadadala ng Diyos ang isang tao sa pasambang totoo.

2. Ang Pagtugon

Katulad ng pagtugon ng mga Hudyo sa Lumang Tipan, sa Bagong Tipan ay kakikitaan din natin ng mga pagsambang tugon sa katotohanan tungkol sa Diyos. Si Pablo at si Silas ay masayang umawit ng mga awit ng pagsamba o himno habang sila ay nasa kulungan.

> *Acts 16:25*
>
> *Ngunit nang maghahating-gabi na, sina Pablo at Silas ay nananalangin at umaawit ng mga himno sa Diyos……*

Natural na hindi masama ang kanilang ginawa, bagamat hindi sila sumasamba bilang isang Iglesiya. Ang dapat nating makita ay kung sino si Pablo at si Silas. Unang-una na, sila'y mga mananampalatayang bihasa sa pagkakakilala sa Panginoong Hesus at sa pangkalahatang kaalaman ng mga katotohanan ng Diyos. Sila nga ay mga mangangaral ng Salita. Alam din natin na sila ay umaawit ng papuri sa Diyos na kanilang lubusang nakikilala. Ang kanilang pagsinta sa

---

[6] Dahil sa pangangailangang pangkalusugan, mas mainam na gumamit ng mga maliliit na tasang karaniwang natatapuan sa mga "communion tray" ng mga Iglesiyang Cristiyano. Sa pamamagitan ng mga ito, hindi na kailangang uminom ang lahat sa iisang tasa na maaaring magkalat ng sakit kung ang isa sa mga nakikinabang ay may karamdaman.

Diyos na buhay ang nagtulak sa kanila upang sila'y umawit. Ito ang kanilang naging tugon. Subalit dapat din nating isipin na hindi lamang sa pag-awit tumutugon sina Pablo. Bantog sa lahat ng panahon ang pag-aalay ng buhay ni Pablo sa kanyang Diyos. Ito man ay pagtugon niya sa Diyos na kanyang ginigiliw.

Ang dapat nating bantayan ay ang pagpuri sa Diyos na walang kabuluhan. Papaano ba ito nangyayari? Sino-sino ba ang hindi nakatutugon sa Diyos na katanggap-tanggap sa kanya?

Kapag ang isang tao ay hindi lubusang nakakikilala sa Diyos, at marahil ay hindi naniniwala na siya'y tinubos na ng dugo ng Anak, natural lamang na hindi natin maaasahang sasamba siya. Kapag ang isang tao ay di natin nakikitaan ng gawang ukol sa pagsisisi (Lucas 3:8) masasabi natin na kulang siya sa kaalamang nagdudulot ng tamang pagsamba. Kapag ang taong ito ay makikita nating umaawit, maaaring ang pag-awit niya ng papuri ay hindi mula sa pusong bagbag. Ang ganitong pagsamba ay karumaldumal sa Diyos.

Papaano natin matitiyak na tama ang pagsamba ng isang tao gayung di naman natin nakikita ang kanyang puso? Dalhin natin siya sa Hapag ng Panginoon! Diyos ang kikilos upang siya ay madala sa isang tunay na pagsamba. Wag natin turuang yumukod sa Diyos hanggat hindi niya nakikilala ang Diyos.

Ito ang panganib ng mga pagtitipong hindi nagpapahalaga sa Banal na Hapag. Minsan na nga lang ang pagputo-putol ng tinapay, hindi pa

tama ang paraan. Ang nangyayari ay ang bagong mananampalataya ay natututong magpuri na walang kabuluhan. Ang masama ay nagugustuhan niya ito dahil masarap nga namang umawit. Pinupuno natin ang Iglesia ng mga mang-aawit na walang bagbag ng puso. Tinuturuan natin silang maging “performer” at hindi “worshipper”. Nasa ating kamay ang kanilang mga dugo.

Maraming tao ang nawiwili sa pagawit ng papuri sa Panginoon at hindi ito masama. Ngunit naroon ang panganib na ang mga awitin lang naman ang nais ng tao at di talaga pagsamba. Kung ang taong ito ay may nakukuhang kagalakan sa pag-awit ng mga awiting secular na kahawig ng kagalakang nakukuha niya sa pag-awit ng papuri, maliwanag na ang pag-awit o ang musika ang nagbibigay sa kanya ng galak at hindi ang Diyos. Hindi masamang umawit, tumugtog o sumayaw kung ito ang iyong ibig. Ang masama ay sabihin mo na ito ay pagsamba kung hindi naman totoo. Ito ang kinamumuhian ng Diyos. Kapag ang ating “Praise and Worship” ay nagiging palabas na ikinapupuri ng mga manunugtog at mang-aawit, mag-ingat tayo, dahil kung tayo ay tunay na mananampalataya, ang kasunod nito ay displina! At kung ang gumagawa nito ay hindi dinidisiplina ng Panginoon, ibig sabihin hindi siya anak ng Diyos.

Tandaan natin na sa Lumang Tipan, nagbigay ang Panginoon ng maraming paglalahad na ayaw niya ng pagsambang wala sa puso. Nagtalaga siya ng mga tuntunin upang matiyak na ang sumusunod sa mga tuntuning ito ay tunay na nakasasamba. Ngayong di na lingid ang mga

bagay na ito sa mananampalataya sa Bagong Tipan, kasalanan na talaga kung tayo ay magbibingi-bingihan pa.

Kung sa Lumang Tipan ay palaging nasisira ang bayang Israel dahil nalilimutan nilang sundin ang tuntunin ng pagsamba, wag na nating gayahin ang kanilang pagkakamali. Tandaan natin ang mga mali sa kasaysayan ng Mga Hari ng Israel at Juda. Ang kanilang kaganapang espirtuwal ay nakasalalay sa tamang pagpapatupad ng pagsamba ayon sa tuntunin ng Diyos. Ito ang babala ng Diyos sa atin. Kung hindi tayo susunod, ang ating lokal na Iglesia ay mamamatay. Pupunuin natin ang ating mga kapilya ng huwad na mananampalataya na bihasa sa pagpuri at sa mga gawaing tila maka-Diyos ngunit patay naman ang espiritu.

Habang nasa Banal na Hapag, ang pagtugong nararapat ay maaaring ipahiwatig sa ilang pamamaraan. Maaring sa pamamagitan ng panalanging puno ng pagsamba at sa pag-awit na makahulugan, ngunit ang sukdulang pagpapatunay ng pagsambang ayon sa Diyos ay sa buhay na sumusunod. Ang makahulugang pagsamba ay di nananatili sa pagtitipon, ito ay ipinamumuhay. Tandaan natin na ang pagsamba sa puso ay isang tugon, at ang tugong ito ay patutunayan ng buhay na sumusunod (Rom 12:1). Hindi ito kayang gawin ng isang programa. Maraming pagkakataon sa programang tinatalaga ng tao, ang nakikibahagi ay bumibigkas, nananalangin o nagpapa-awit ng isang bagay na sinulat ng ibang tao. Maaari niya itong basahin o gawin na di niya naiintindihan ang kanyang ginagawa o sinasabi. Sa ganitong paraan, ito ay walang saysay sa nagbabahagi. Kapag walang programa, mas

maiiwasan natin ang pekeng pagsamba. Bagamat maari pa rin, hindi mangangahas ang isang magbabahagi na magsalita ng isang pagpapahayag na hindi niya naiintindihan.

Ang tunay na pagsamba ay resulta ng pusong tumutugon sa pagpapahayag ng katotohanan. Kung walang pagpapahayag, walang tugon. Ito ang tamang pagkasunod-sunod. Dapat mauna ang paglilingkod na kinasasangkupan ng paghahayag kasabay ng mga simbulo, pagkatapos ay ang katugunan. Ito ang bumubuo sa pagsambang hinahanap ng Ama.

Ang Pagpapahayag sa Hapag Ng Panginoon

Ang Paghahati-hati ng Tinapay, ayon sa ating nakalipas na pag-aaral ay may pagpapahayag. Di lamang ito pagkain at paginom ng mga simbulo. Kinakailangan na mabigkas ang pinaka-kahulugan ng mga ito. Dahil dito, kailangan ng mga nangunguna na maghayag. Hindi ito pagtuturo. Ito ay pagpapahahayag.

Maging ang mga Hudyo ay may gawaing pagtuturo at pagpapahayag na magkabukod. Balikan natin ang gawi ng mga Hudyo bago dumating ang Iglesia. Ayon sa Vine's Expository Dictionary, sa ilalim ng pagpapakahulugan ng salitang "synagogue", ang mga Hudyo, pagkagaling daw sa pagkaalipin sa Babylonia, ay nagsimulang magtipon sa mga sinagoga. Ito ay dahil nang sila ay nasa silangan pa, ang templo ay giba. Dahil nawala na ang templo, nagsimula silang magtipon sa mga sinagoga. Dito napatutupad ang pagtuturo ng mga kautusan ng Diyos. Natural, hindi sila nakasamba ayon sa mga ritwal nang sila ay alipin pa dahil walang templo. Ito ang kanilang inaasam at hinanahanap. Nais nilang sumamba ngunit dahil wala sila sa sariling bayan, di nila ito magawa. Kinailangan na sila ay bumalik sa Jerusalem at itayo muli ang templo upang sila ay makasamba. Ang pagtuturo ay ginagawa sa mga tahanan at sinagoga at ang pagsamba ay sa templo. Nang sila ay makabalik na sa sariling bayan, nagkaroon din ng pagtuturo na nagaganap sa Templo ngunit ito ay hindi kasabay ng ritwal at marahil ay isinasagawa sa tinatawag na Portico ni Solomon (tignan din ang Juan 10:23 at Gawa 5:12).

Mga Gawa 5:42

Araw-araw, sa Templo at sa mga bahay-bahay, hindi na sila tumigil sa pagtuturo at pangangaral na si Hesus ang Cristo.

Ang pagsamba sa templo noong unang tipan ay may nakatalagang mga paksang ihahayag. Kung kapistahan ng Pascua, ito ay ang pagkakaligtas sa kanila ng Diyos galing sa Ehipto. Kung kapistahan ng Tabernakulo naman ay patungkol sa pangangalaga ng Diyos sa kanila habang sila ay nasa ilang. Kapag Pentecostes naman ay ang patuloy na pagpapala ng Diyos sa bayang Israel. Kung gagawin nating anino ang mga ito, sa Bagong Tipan, dapat may paksa ang pagsamba, at ito ang kaluwalhatian ng Diyos, ang kanyang mga pagpapala at iba pang mga katotohanan na tumuturo at nagpapaliwanag sa pagtutubos ng Cristo. Kung nais man nating magturo ng ibang katotohanan, hindi dapat ito ginagawa sa Hapag ng Panginoon. Hiwalay na gawain ang pagtuturo. Katulad ng sinagoga, ang Iglesia ng Diyos ay may nakalaang oras ng pagtuturo, at oras ng pagsamba. Kung ang mananampalataya ay sasamba, tulad ng Hudyo na tumutungo sa templo, ang mananampalataya ay tumutungo sa Hapag ng Panginoon upang maghati-hati ng tinapay at ng katas ng ubas. Maliwanang ang pagkakabukod-bukod ng mga gawaing Cristiano. Masdan natin ang pahayag ng Mga Gawa tungkol sa gawain ng Iglesia:

Mga Gawa 2:42

*Nanatili silang matibay sa **turo ng mga apostol** at sa pagsama-sama, sa **pagpuputol-putol ng tinapay** at sa mga panalangin.*

Tila bukod at ginagawang hiwalay ang paghati-hati ng tinapay (worship) at ang pagtuturo ng mga Apostol (teaching). Kung tayo'y sasamba o maghahati-hati ng tinapay dapat manatili tayo sa paksa ng mga dakilang gawa ng Diyos, pagliligtas na bunga ng kamatayan ng Panginoong Hesus, at sa mga pahayag tungkol sa Kanyang kaluwalhatian. Kung tayo ay magtuturo ng mga turo ng mga Apostol, iyon ang pagkakataon upang ang ibang mga paksa ay ipahayag. Hindi naman ibig sabihin nito na di dapat gawing paksa sa pagtuturo sa Iglesia ang pagtutubos ni Hesus o ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang nakikita natin, kapag nasa Hapag ng Panginoon, dapat walang ibang paksang ihinahayag. Ang dapat na napapaloob sa mga paghahayag sa pagsamba ay ang mga katotohanang tumuturo Kay JesuCristo at sa kaluwalhatian ng Diyos. Maaaring bigkasin ang mga kapahayagan sa Bibliya tungkol sa kanyang kaluwalhatian nang di pa siya nagkakatawang tao, nang siya ay namuhay, namatay at nabuhay muli sa daigdig, hanggang sa Kanyang maluwalhating kalagayan sa wakas ng panahon. Ang lahat ng ito ay magbibigay sa nakatutunghay ng kaalamang magpapaliwanag sa kanyang pagkakilala sa Diyos, sa Panginoong Hesus at sa Kanyang kaluwalhatian. Mga bagay na magtutulak sa kanya sa isang makahulugang pagsamba.

Ang mga Nangunguna sa Hapag ng Panginoon

1 Pedro 2:5

Tulad ng mga batong buhay, hayaan ninyong kayo ay maitayo bilang espiritual na bahay tungo sa banal na pagkapari, upang mag-alay ng espirituwal na handog na kasiya-siya sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo

Kung sa panahon ng Lumang Tipan ay may mga saserdote at Levita na nangunguna sa pagsamba, ang bagong pagsamba ay meron din. Ang pagkakaiba ay sa Iglesia ng Diyos, lahat ng mananampalataya ay saserdote. Ibig sabihin, ang lahat ay maaaring makibahagi at maghayag. Ngunit tulad ng sa unang tipan, meron ding pagkakahati-hati ng tungkulin. Ang mga Saserdote sa linya ni Aaron na siyang tinalagang humawak ng paghahain at mga Levita o mga saserdoteng ayon sa linya ni Levi naman ay sa paglilingkod sa ibang gawain sa Templo.

Lahat ng nagtiwala sa kaligtasang alay ni Hesus ay isang saserdote. Ngunit katulad ng saserdote sa lumang tipan na may pagkakahati-hati ng gawain, ang saserdote ng Bagong Tipan ay mayroon ding pagkahati-hati. Hindi nangangahulugan na mas mababa ang turing ng Diyos sa isa bagama't iba ang kanilang tungkulin. Tinalaga lamang ng Diyos na iba ang kanilang magiging bahagi sa pagsamba.

1 Corinto 14:34-35

Ang mga babae ay dapat na tumahimik sa mga iglesiya, sapagkat sila'y hindi pinahihintulutang magsalita, kundi pasakop, gaya ng sinasabi ng kasulatan. 35 Kung mayroon anumang bagay na nais nilang malaman, tanungin nila ang kanilang mga

asawa sa bahay; sapagkat kahiya-hiya para sa isang babae ang magsalita sa iglesiya.

Tanging lalaki ang maaaring magbahagi sa pagpapahayag. Ang mga babae ay dapat na sumamba na matahimik. Katulad ng mga Levita na sila ang umaawit ang naghahayag na malakas sa kalagitnaan ng pagtitipon, ang lalaki ang naatasan na maging ministro ng paglilingkod na ito. Ang mga babae ay katulad ng mga saserdoteng linya ni Aaron na siyang matahimik na pumapasok sa loob ng Kabanal-banalan at humaharap sa Diyos. Bagama't pareho ang lalaki at babae na maaring pumasok sa luklukan ng Diyos dahil inalis na ang templo, tanging ang lalaki ang maaaring maglingkod sa pagpapahayag sa Hapag ng Panginoon. Sila ang nagbabasa sa Biblia, nagpapaliwanag, nangunguna sa pagpapa-awit at nananalangin. Ang may pusong sumusunod sa Panginoon ay di nagtatangkang magreklamo sa patakarang ito ng Diyos. Hindi niya iginigiit na dapat siyang hayaang makibahagi sa anumang paraang nais niya. Katulad ni Haring Saul na nagpumilit mag-alay ng handog na susunugin bagama't hindi siya saserdote, ang kapatid na di susunod sa patakaran ng Diyos ay aariing madumi. Dahil sa kapusukan ni Saul, inalis ng Panginoon ang pagkahari sa kanyang pamilya at ibinigay kay David (1Samuel 13:8-14).

Mahalaga sa pagtitipon ng Iglesia na maging tapat ang lahat sa tinalaga ng Panginoon. Ang bawat aspeto nito ay dapat na sinusunod upang ang larawang iginuguhit ng Panginoon sa pamamagitan ng Hapag ng Panginoon ay maihayag at maintindihan ng lahat.

Anong Araw ba dapat isinasagawa ang Hapag ng Panginoon?

Mas nakararami sa mga kapisanang Cristiyano ang nagtitipon para sa Hapag ng Panginoon minsan sa isang buwan. Ang dahilan ay ayaw nila itong maging pangkaraniwan. Ayaw nilang gawing nakasasawa kaya't isang pagkakataon sa isang buwan ay sapat na. Ang iba naman ay linggo-linggo. Sabi ng iba ay dapat Sabado ang pagsamba. Alin ba ang tama?

Tignan natin ang ginagawa ng mga mananampalataya sa Bagong Tipan.

> *Ma Gawa 2:46*
>
> *At araw-araw, habang sila'y magkakasama sa templo, sila'y nagpuputol-putol ng tinapay sa bahay-bahay, at nagsasalu-salo na may galak at tapat na puso.*
>
> *Mga Gawa 20:7*
>
> *Nang unang araw ng sanlinggo, nang kami ay nagtitipon upang magputol-putol ng tinapay, si Pablo ay nagsalita sa kanila…..*

Tila ayon sa mga aklat ng gawa ng mga apostol, araw-araw silang nagpuputol-putol ng tinapay sa bahay-bahay. Kalakip nito ang galak at tapat na puso na nagtutulak sa kanila upang magsalu-salo. Marami sa mga mananampalataya ngayon ay tinatawag itong "love feasts". Wag nating kalilimutan na maraming nagugutom sa mga mananampalataya nang panahong iyon bunga ng di makatarungang pamamalakad ng mga Romano at ng mga nangunguna sa templo ng mga Hudyo. Dahil tinuro ng ating

Panginoon ang pagpapahalaga sa mga dukha, sila ay nagbabahagi ng kanilang mga pagkain sa mga walang makain. Napapaloob dito ang Banal na Hapag ng Panginoon. Subalit mababasa rin natin sa Corinto 11: 20-22 na ang "love feasts" na ito ay sinira ng marami kaya't sinabi ni Apostol Pablo na kung di rin lang naman nila maisasagawa ito ng ayos, ay sa bahay na lang sila kumain o itigil na nila ang "love feasts". Nangibabaw ang halaga ng Hapag ng Panginoon higit sa pagpapa-kain sa mahihirap. Maari nang isagawa ang mas mahalagang Paghahati-hati ng tinapay na hiwalay sa pagbabahagi ng pagkain.

Wala naman tayong nakikitang utos na ito ay gawin araw-araw. Dahil dito ay dapat nating tignan ang pagsasagawa ng Banal na Hapunan bilang isang pagtugon. May kalayaan ang mananampalataya sa "schedule" ng kanilang pagtitipon. Ang mga mananampalataya noon ay araw-araw nagtitipon. Makikita natin ang pagpapahalaga ng mga mananampalataya sa kalooban ng Diyos sa limit ng kanilang Paghahati-hati ng Tinapay.

Kailan nagsimulang magtipon ang mga mananampalataya sa araw ng Linggo?

Sa Gawa 20:7 ay tila sinasabing dumating ang panahon na naging minsan sa isang linggo ang kanilang pagtitipon at ito ay sa unang araw ng linggo. Hindi ito Sabado dahil ang Sabbath ay ang huling araw ng sanlinggo. Bakit Linggo at hindi Sabado na katulad ng kinaugalian ng mga Hudyo, pati na rin ng Panginoong Hesus at ni Pablo?

Lucas 4:16 (Hesus)

Dumating siya sa Nazaret na kanyang nilakhan. Siya'y pumasok sa sinagoga nang araw ng Sabbath tulad ng kanyang nakaugalian at tumindig siya upang bumasa.

Mga Gawa 17:2 (Pablo)

At si Pablo ay pumasok (sa sinagoga v. 1) ayon sa kanyang kaugalian, at sa loob ng tatlong Sabbath ay nangatwiran sa kanila mula sa mga kasulatan.

Makikita natin na ayon sa kaugalian ng Panginoong Hesus at ni Pablo ay nangangaral sila sa mga sinagoga kapag araw ng Sabbath. Maari nating sabihing dapat din nating gawin ito tulad nila, ngunit ang mahalagang ating makita ay kung sino ang mga nasa sinagoga, at ano ang kanilang tugon sa mga tinuro ng Panginoong Hesus at ni Pablo.

Basahin natin kung ang ginawa ng mga nagtitipon kapag Sabado sa Panginoong Hesus matapos niyang magturo:

Lucas 4: 28-29

Nang marinig nila ang mga bagay na ito, napuno ng galit ang lahat ng mga nasa sinagoga. 29 Sila'y tumindig, ipinagtabuyan siya sa labas ng bayan at dinala siya hanggang sa taluktok ng burol na kinatatayuan ng kanilang bayan, upang siya'y ihulog nila nang patiwarik.

Tila di ito lupon ng mananampalataya! Kung ihahanay natin ang ating pagtitipon sa ganitong "kaugalian" mauubos ang ating mga mangangaral! Ang mga nagtitipon ng Sabado sa sinagoga ay mga mamamatay tao. Gayun din ang makikita natin na ginawa kay Pablo:

Mga Gawa 17:4-5

> *Nahikayat ang ilan sa kanila at sumama kina Pablo at Silas, gayundin ang napakaraming mga Griyegong masisipag sa kabanalan, at hindi kakaunting mga pangunahing babae. 5 Subalit dahil sa inggit, ang mga Judio ay nagsama ng ilang masasamang tao mula sa pamilihan at nang makapagtipon sila ng maraming tao ay ginulo nila ang lungsod . Nilusob nila ang bahay ni Jason, sa kagustuhang maiharap sina Pablo at Silas sa mga tao.*

Matapos na mangaral si Pablo ng tatlong Sabbath ay may mga nanampalataya sa kanyang mensahe. Ibig sabihin, ang mga nasa sinagoga ay hindi mananam-palataya at naging Cristiyano lamang nang tanggapin nila ang pangangaral ni Pablo. At ano ang ginawa ng mga taga sinagoga nang marami ang naniwala kina Pablo? Sila'y nanggulo dahil sa inggit. Kanilang inusig sila Pablo hanggang sila ay mapa-alis sa bayan (v. 6). Sa palagay ba ninyo ay malaya pa kayang nakabalik sa pagtitipon ng mga Hudyo sa sinagoga ang mga mananampalataya? Naka-pakinig pa rin kaya ng Salita ng Diyos ang mga ito kapag Sabado? Naging pagsuway ba sa Diyos ang kanilang paghiwalay sa mga nagtitipon ng Sabbath?

Ang mga nagtitipon ng Sabado ay hindi tunay na mananampalataya. Sila ay mga mamamatay tao at kaibigan ng mga masasamang loob (Gawa 17:5). Hindi ito larawan ng mga mananampalataya. Kaya pumupunta ang Panginoong Hesus at si Pablo sa pagtitipon sa araw ng Sabbath ay upang sila ay palayain sa maling paniniwala.

Kailan nagtitipon ang mga mananampalataya? Mahalaga na sila ay nagtitipon kapag ang Panginoon ay nasa kanilang kalagitnaan. Oo,

walang araw na partikular na pinipili ang Panginoon upang makapiling sila ngunit masdan natin ang isang bagong kaugalian na tinalaga ng Panginoong Hesus.

Marcos 16:9

Nang siya nga'y magbangon ng unang araw ng linggo ay una siyang nagpakita kay Maria Magdalena…

Juan 20: 19

Nang magdadapit-hapon na ng araw na iyon, na unang araw ng linggo, habang nakasara ang mga pinto sa kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot sa mga Judio dumating si Jesus at tumayo sa gitna…

Lucas 24

v. 1 Subalit ng unang araw ng sanlinggo…

v. 13. Nang araw ding yaon…

v. 15. Habang sila ay nag-uusap at nagtatanungan, si Jesus mismo ay lumapit at naglakbay na kasama nila.

v. 33 Sa oras ding yaon…

v. 36 Samantalang kanilang pinaguusapan ang mga bagay na ito, si Jesus mismo ay tumayo sa gitna nila…

Ang pinagmulan ng mga pagpapakitang ito ng Panginoong Hesus ay ang kanyang muling pagkabuhay! Siya mismo ang pumunta sa kalagitnaan ng mga mananampalataya. Isa itong malaking pagkakaiba sa "kinaugalian" ng mga Hudyo. Ngayon, ang Diyos na ang pumupunta sa pagtitipon ng mga mananampalataya. Hindi na ito tulad ng ginagawa ng

mga Hudyo na pumupunta sila sa templo upang sumamba sa Diyos. Ngayon, ang Diyos na ang pumupunta sa kalagitnaan ng mga mananampalataya kahit saan sila naroroon. Naroon ang Panginoong Hesus sa kanilang kalagitnaan maging sila man ay nasa bahay-bahay (Gawa 2:46), sa lansangan (Lucas 24:13), o nasa isang pangkaraniwang silid (Lucas 24:36).

Maaari ding sabihin na ang mga talatang ating natunghayan ay isang "araw" lamang, at ito ang Araw ng Pagkabuhay. Hindi naman ito naulit sa ibang araw na Linggo. Pero ito ay naulit. Nang unang magpakita ang Panginoon ay wala si Tomas at ayaw niyang maniwala hanggang hindi niya nakikita sa sarili niyang mga mata ang Panginoon. Kayat bumalik ang Panginoon upang magpakita kay Tomas kasama ng ibang mananampalataya. Maari siyang bumalik sa anumang araw na kanyang pipiliin, ngunit masdan natin kung anong araw ang pinili niya.

> *Juan 20:26*
>
> *Pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kanyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Nakasara ang pinto, subalit pumasok si Jesus, at tumayo sa gitna…*

Makalipas ang walong araw ay bumalik ang Panginoong Hesus. Ngunit bakit walo? Di ba dapat ay pito upang ito ay linggo ulit?

Dapat ay malaman natin ang pamamaraan ng pagbilang ng mga Hudyo. Tulad ng mga Koreano, ang mga Hudyo ay nagsisimulang magbilang sa "isa" at hindi sa "zero" na kinagisnan natin. Kaya ang isang sanggol na bagong panganak ay isang taong gulang na sa araw ng kanyang

kapanganakan. Kaya nang mamatay ang Panginoong Hesus sa araw ng Biyernes, ito ay ang unang araw na ng kanyang kamatayan. Ang Sabado ay ikalawa, at ang Linggo ay ang ikatlong araw. Kung ganito ang gagamitin nating pagbibilang, ang Linggo ay walong araw ang bilang sa susunod na Linggo.

Kaya't ang Panginoong Hesus ay bumalik sa kanyang mga disipulo sa araw din ng Linggo. Bakit hindi Lunes? Bakit hindi Sabado? Marahil ay nagtatalaga ang Panginoon ng bagong "kaugalian" na hiwalay sa lumang tipan upang mabigyang diin ang "bago". Hindi na Sabbath kundi Linggo – ang araw ng muling pagkabuhay. Ito ang Araw ng Panginoon (Apokalipsis 1:10).

Balikan din natin ang Kapanganakan ng Iglesia. Anong kapistahan ng mga Hudyo bumaba ang Banal na Espiritu? Marami sa mga kapistahan ay nagsisimula o bumabagsak sa araw ng Sabbath ngunit ang pinili ng Diyos ay ang Pentecostes. Bakit Pentecostes, samantalang ito ay bumabagsak sa araw ng Linggo?

> *Levitico 23: 15-16*
>
> *Mula sa kinabukasan, pagkalipas ng Sabbath mula sa araw na inyong dalhin ang bigkis na na handog na iwinawagayway, ay bibilang kayo ng pitong buong linggo. 16 Hanggang sa kinabukasan pagkalipas ng ikapitong Sabbath, bibilang kayo ng* ***limampung araw****; pagkatapos ay mag-aalay kayo ng handog na bagong butil sa PANGINOON.*

Kaya ito tinawag nga Pentecostes ay dahil bibilang daw dapat ng limampung araw pagkatapos ng tinalagang Sabbath. At kung bibilangin

mo ang limampung araw babagsak ito sa araw ng Linggo. Ito ang piniling araw ng Diyos upang pababain ang Kanyang Banal na Espiritu. Sa araw na ito pinanganak ang Iglesia. Ito ang araw ng bagong pagtitipon na ayon sa Bagong Tipan.

Bilang tugon ng mga mananampalataya, pinahalagahan nila ang araw na pinili ng Panginoong Hesus upang ito ang gawing araw ng pagtitipon at araw na isinasagawa ang Paghahati-hati ng Tinapay.

Ang Pag-awit sa Pagsamba

Isang mahalagang bahagi ng pagsamba ng Iglesiya ay ang pag-aawit ng pagpupuri. Mahalaga ito ngunit sa maraming pagkakataon ay pag-aawit na lamang ang pagsamba at wala na ang Hapag ng Panginoon. Hindi ito ang hiling ng ating Tagapagligtas. Ano ba ang sinasabi ng Salita ng Diyos?

> *Eph 5:19 Speaking to yourselves in psalms and hymns and spiritual songs, singing and making melody in your heart to the Lord;*
>
> *Col 3:16 Let the word of Christ dwell in you richly in all wisdom; teaching and admonishing one another in psalms and hymns and spiritual songs, singing with grace in your hearts to the Lord.*

Alam na natin na makapangyarihan ang musika at naaantig nito ang puso ninoman kaya nga ito ay mabisang paraan ng pagsamba sa Diyos. Ang tanong ngayon ay paano ba ito isasagawa habang sumasamba.

Alamin natin kung paano ito isinagawa ng mga mananampalataya sa Bagong Tipan. Base sa mga talata sa itaas, tila ang pag-aawit ay inaalay ng isang mananampalataya sa kapwa mananampalataya upang "magturo" at "magpaalala" sa isa't-isa, at kapag ito naman ay inaawit sa Panginoon, ito ay dapat na sa puso.

Nang ang unang paghahati-hati ng tinapay ay isinagawa ng Panginoong Jesus kasama ang mga disipulo, sinabing umawit sila ng isang awit ng papuri.

Mt 26:30 And after a song of praise to God, they went out to the Mountain of Olives.

Bukod dito ay wala na tayong nakikitang pagkakataon na sila ay umawit habang sumasamba. Marahil ay umawit sila ngunit hindi ito ang pinakamahalagang gawain sa paglilingkod ng Hapag ng Panginoon. Kung sa ganoon ay ano ang mga talatang pinagbabasihan ng mga mananampalataya sa panahon ngayon ukol sa pag-awit sa pagsamba?

Ito ay karaniwang kinukuha sa Aklat ng Mga Awit o Psalms.

Mga Awit 33:2 Purihin ninyo ang PANGINOON sa pamamagitan ng lira, gumawa kayo ng himig sa kanya sa may sampung kwerdas na alpa.

Mga Awit 98:4 Sumigaw ang buong lupa na may kagalakan sa PANGINOON, magpasimula at umawit kayo na may kagalakan at umawit kayo ng papuri.

Mga Awit 150:5 Purihin siya sa sa mga matunog na pompiyang! Purihin siya sa mga pompiyang na maingay.

Makikita rin natin na ang mga pag-aawit na ito ay ginagawa nila sa Templo habang ang mga kapistahan at pag-aalay ay hinahandog sa Diyos. Nagsimulang gumamit ng mga instrumento at pag-awit sa mga kapistahan nang ito ay italaga ni David.

2 Cronica 29:25

Kanyang inilagay ang mga Levita sa bahay ng PANGINOON na may mga pompiyang, mga salterio, at mga alpa, ayon sa utos ni David at ni Gad na propeta ng hari, at ni Natan na propeta, sapagkat ang utos ay mula sa PANGINOON sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

Ang pangyayari sa talatang nasa itaas ay nang muling ibalik ni haring Hezekias ang pagsamba sa Templo. Ito ay kanilang pagsunod ayon sa inutos ng Diyos kay haring David at sa mga propeta. Umaawit sila na may mga instrumento sa pagsamba kasabay ang mga kapistahan at ang pag-aalay. Ang pag-awit na walang kasamang paglilingkod ay walang kabuluhan. Laging kalakip nito ang mga gawa ng mga Levita. Samakatwid ay isa lamang itong sangkap sa lumang pagsamba. Nakakasamba kaya ang mga Hudyo kahit walang mga mang-aawit at manunugtog?

Bago lumagi ang presencia ng Panginoon sa templong tinapos ni Solomon, ang pagsamba ay ginagawa sa tabernakulo sa ilang. Nang ang pagsamba ay nasa tabernakulo, hindi pa gumagamit ng mga instrumento ng musika ang mga Levita sa pagsamba. Si David ang nagtalaga ng mga mang-aawit sa Tabernakulo hanggang matapos ang templo (1 Cron 6:31). Ibig sabihin, lumipas ang maraming panahon na wala namang umaawit ng malakas at mga tumutugtog nang wala pa ang templo. Naka-ankla ang mga pag-awit at pagtugtog ng instrumento sa pagkakatatag ng templo. Ang aklat ng “Mga Awit” o “Psalms” ay naging bahagi lamang ng pangkalahatan o pormal na paglilingkod ng pagsamba nang ang templo ay nayari na. Karamihan sa mga awit na tinuturing Himno o awit ng pagsamba ay sinulat ni David at akma sa pagsambang kalakip sa templo. Kung wala nang ibang ibinagay na tuntunin ang Diyos tungkol sa pagsamba, kuntento na tayo sa paraang ito na ibinigay ng Diyos kay David. Kasabay ng mga pag-gugunita ng mga dakilang gawa ng Diyos at

ng haing susunugin, ang mga Levita ay tumutugtog ng mga instrumento at ang mga mang-aawit ay umaawit. Ngunit mayroong binigkas ang Panginoong Hesus na dapat nating isaalang-alang. Ito ang winika niya sa Juan 4:21.

Juan 4:21

Sinabi sa kanya ni Hesus, "Babae, maniwala ka sa akin na darating ang oras na inyong sasambahin ang Ama, hindi sa bundok na ito o sa Jerusalem.

Ang pagsamba sa Jerusalem ay tumutukoy sa pagsamba sa templo. Ang templo ay itinirik sa isang permanenteng lugar ayon sa minimithi ng Diyos.

Deuteronomio 12:5 at 11

5 Kundi inyong hahanapin ang dakong pipiliin ng PANGINOON ninyong Diyos mula sa lahat ng inyong mga lipi na paglalagyan ng kanyang pangalan, samakatwid, sa kanyang tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon.

11 At pagkatapos ay sa dakong pipiliin ng PANGINOON ninyong Diyos na patatahan sa kanyang pangalan ay doon ninyo dadalhin ang lahat ng aking ipinag-uutos sa inyo: ang inyong mga handog na sinusunog, mga alay, mga ikasampung bahagi, ang handog na iwinawagayway ng inyong kamay, at ang lahat ng inyong ipinangakong handog na inyong ipinanata sa PANGINOON.

Ang lugar na ito ay Jerusalem. Dito tinalaga ang templong pisikal at ang pagsambang luma. Alam natin na ito ay inalis na at pinalitan. Ang pinangpalit ay templong espirituwal at pagsamba sa espiritu. Ang templong espiritual ay si Hesus mismo dahil sinabi niyang, "Gibain ninyo ang templong ito at ito'y muli ko itong itatayo

sa loob ng tatlong araw". Base sa Kasulatan, ang tinutukoy niya ay ang templo ng kanyang katawan (Juan 2: 19 at 21). Ang pinampalit ni Hesus sa templong pisikal ay ang kanyang sariling katawan na namatay at muling nabuhay pagkalipas ng tatlong araw. Ito ang pagtubos na ating kinagigiliwan. At dahil minsan lang siya namatay, ito ay hindi na pisikal kundi isa nang espirtuwal na katotohanan.

Hindi na tayo sasamba sa Jerusalem.

Tumigil na ba ang pagsamba sa templo? Oo, tumigil na. Ang mga pag-aawit ng malakas at pagtugtog ng mga instrumento kaya ay tumigil na rin? Ano ang sinasabi ng 2 Cronica 29:28?

> *2 Cronica 29:28*
>
> *At ang buong kapulungan ay sumamba, at ang mga mang-aawit ay umawit, at ang mga trumpeta tumunog; lahat ng ito ay nagpatuloy hanggang sa ang mga handog ay natapos.*

Nang matapos ang handog, natapos na rin ang ingay. Nang wala pa ang templo, nakasasamba ang mga Hudyo na walang mga trumpeta at simbalo. Nang maitalaga ang templo, nagkaroon nito. Nang inalis ang templo, dapat bang maiwan ang mga salterio at pompyang?

Balikan natin ang Bagong Tipan na kung saan mababasa natin na ang pag-awit sa Diyos ay sa puso na. Hindi na mga Levita ang exclusibong nakatutugtog at umaawit sa pagsamba. Ito ay nagagawa na ng lahat ng mananampalatayang umiirog sa Diyos. Ito ay nabago na. Ang dapat nating maintindihan ay bagamat maganda ang mga talata sa

Aklat ng mga Awit na nagpapatungkol sa malakas at masayang pagtugtog at pagawit sa pagsamba, hindi na ito ang hinahanap ng Panginoon.

Kung ito nga ay ang tunay na patakaran ng Diyos sa pagsamba, dapat nating nakita itong ginagawa ng mga mananampalataya sa Bagong Tipan. Kung ito ay talagang mahalaga at dapat na maging centro ng pagsamba, bakit iisang awit lang ang natalang inawit ng mga apostol nang sila naghati-hati ng tinapay na kasama ng Panginoong Jesus? Bakit wala na tayong nakitang pagkakataon pagkatapos nito na ang mga alagad ay kumuha ng pompyang at mga instrumentong may corda upang sumamba?

Mayroon ding consepto ngayon na dapat ay umayon ang ating pagtitipon sa kultura ng mga nananampalataya. Dapat daw ay magbago ang Iglesiya upang maging akma sa panahon. Hindi ito mali. Kailangan nating baguhin ang ating mga paraan ng pagbabahagi ng Ebanghelyo. Dapat nating baguhin ang ating mga awit upang maging makahulugan sa panahon, dapat na baguhin din ang mga paraan ng “fellowship” at pagtuturo, ngunit di dapat binabago ang paraan ng pagsamba na hiniling ng ating Panginoon. Ito ang pagkakamali ng Israel. Ito ang tinuturo ng ating “tagasupil” at ng “anino” na walang iba kundi ang Lumang Tipan. Wag nating gayahin ang mga anak ni Aaron. Wag nating gayahin si Haring Saul at ang tanang mga hari ng Israel at Judea. Manatili tayo sa simpleng pagtitipon at paghahati-hati ng tinapay.

Hindi natin inaalis ang kahalagahan ng pag-awit sa Hapag ng Panginoon, ang ating tinatanong ay kung bakit puros na lang awitan at tugtugan ang ating pagsamba at tila tuluyan na nating inalis ang Paghahati-hati ng tinapay at ang paghahayag ng mga dakilang gawa ng Diyos?

Ang mga pagpupuri kaya natin ngayon, na di na naiiba sa palatuntunang secular, ito kaya ay nakalulugod sa Panginoon? Maari nating igiit na gumaganda ang pagsamba kapag maganda ang tugtugan. Marami ang "nabe-bless" kapag magaling ang mga musikero. Hindi natin itinatanggi ito. Ngunit ang dapat na "ma-bless" sa ating pagsamba ay ang Panginoon, hindi ang sumasamba. Naglalaro tayo ng apoy sapagkat napakadaling mawala sa Panginoon ang tuon at napakadali rin na kunin ng musikero at mang-aawit ang luwalhati na dapat ay sa Panginoon. Sa sandaling mawala sa Panginoon ang ating tuon, ang ating ginagamit ay kakaibang apoy na tulad ng ihinain ng mga anak ni Aaron.

Ang mga sinaunang Cristiyano sa unang siglo ay di sumamba sa ganitong paraan. Sina Pablo at Silas ay di gumamit ng instrumento habang umaawit. Ang mga iglesia sa bagong tipan ay di nagsagawa ng tinatawag nating "Praise and Worship". Mali ba sila? Ang mga martir sa Tsina na nanganganib ang buhay kapag sila ay sumasamba, hindi sila nakagamit ng instrumento, ni wala ngang tunog ang kanilang awitan upang sila ay di mahuli ng mga communista. Kulang ba ang kanilang pagsamba? Di ba't ang tinitignan ng Diyos ay ang puso? Di ba natin

kayang iwan sumandali ang mga instrumento upang matiyak natin na di nahahati ang ating pagsamba tuwing tayo ay nagtitipon?

Kung kinagigiliwan natin ang pag-aawitan na may mga instrumento, gawin natin yaon. Mag-awitan at magtugtugan tayo sa mga "fellowship meetings". Mag-concierto tayo! Napatunayan na ng marami na ito ay mabisang pantawag sa tao kapag ang layunin natin ay ang mangaral ng ebanghelyo. Wag lang natin itong gagawin sa Hapag ng Panginoon. Panatilihin nating simple at taimtim ang awitan ng papuri sa Paghahati-hati ng Tinapay tulad ng ginawa ng mga disipulo sa Bagong Tipan. Hanggat maaari ay awitin natin ang mga pagpupuri na walang instrumento tulad ng ginawa ng Iglesia sa mga unang siglo. Kung kailangan ng "accompaniment", maaring isa o dalawang instrumento na tutugtugin upang mapanatiling nasa tono at tiyempo ang mga awit, sapat na ito. Ngunit di dapat na ang tugtugan ang centro.

Kung tayo ay sasamba, dapat sumamba tayo ayon sa nakahayag sa Salita ng Diyos. Anumang handog na maiibigang ihandog sa Diyos, kung ito ay salungat sa kanyang mga tuntunin, ito ay hindi katanggap-tanggap. Babalikan natin ang pagkakamali ng Israel. Ang ating mga pagsamba ay magiging pabigat sa Diyos. Taos puso man tayo sa pag-alay ngunit kung mawawala ang kahulugan ng paglilingkod sa Hapag ng Panginoon, hindi rin ito pagsamba.

Kung tayo ay magpapatuloy sa ating pagkakamali at hindi natin itinuturo sa susunod na generasyon ang mga aspeto ng tunay na pagsamba, di maglalaon ay wala nang sasamba. Mayroong tutugtog at

kakanta na kagigiliwan ng marami, ngunit wala nang sasamba sa Diyos. Ang hahanapin ng marami ay ang kagalakang nakukuha sa magandang tugtugan. Aakalain ng marami na kapag sila ay "high" sa musika, nakasasamba na sila. Magpapatuloy ito hanggang sa di na sila magpapahayag ng Salita ng Diyos dahil hindi ito "exciting". Tugtugan na lang. Di maglalaon, iiwan na nila ang pagtitipon ng mga mananampalataya at tutugtog na lang sila sa "labas". Ang mga secular na concierto na ang kanilang hahanapin.

Kaya nga tumugtog tayo at umawit kung ito ang ibig ng puso. Walang masama sa mga ito, pero wag natin itong tatawaging pagsamba dahil mas maraming sisirain ito. Mas malaki ang mawawala kaysa sa maidadag-dag. Kung tayo ay aawit, tandaan natin na ang Panginoon ang ating inaawitan. Kung tayo man ay makaririnig ng isang mangaawit na maganda at kaaya-aya ang boses habang tayo ay sumasamba, di dapat natin itong papalakpakan. Tandaan natin na iyon ay alay sa Diyos, hindi sa atin. Ang Diyos ang magpapahalaga sa magandang pag-aalay ng ating kapatid. Kung tayo ay papalakpak, di na ito pagsamba kundi pagpupuri sa mang-aawit na.

Ang pagsamba ay di na sa pamamagitan ng laman. Hinahanap ng Ama ang sa kanya ay sumasamba sa espiritu at katotohanan. Tutugon ka ba?

Conclusion

Tulad ng ating sinabi sa panimula ng paglalahad na ito, dapat nating isaalang-alang ang Salita ng Diyos sa pagsamba. Mahalaga sa paksang ito ang sinabi ng Panginoong Jesus na darating ang araw na mag-iiba ang pagsambang hinahanap ng Ama. Gayun din ang sinabi ng may akda ng Aklat ng Hebreo:

> *Heb 10:8-9*
>
> *[7]Sa itaas ay sinasabi mga hain at mga handog at mga handog na susunuging buo at mga hain patungkol sa kasalanan ay hindi mo ibig at di mo rin kinalulugdan (mga bagay na inihahandog ayon sa kautusan), saka sinabi niya, narito, ako ay pumarito upang gawin ang iyong kalooban. Inaalis niya ng una, upang maitatag ang ikalawa.*

Inalis niya ang unang pagsamba upang maitalaga ang bago. Ito ang payak na mensahe ng Bagong Tipan. Kaya nga di natin dapat ipilit ang lumang paraan sa bagong pagsamba. Wag nating hayaan na ang ating laman ang mag-dikta sa ating paraan. Maganda man ang pagsambang tila palatuntunang pangtanghal ngunit kung hindi iyon ang hinahanap ng Ama, wag na nating gawin.

Kung magiging tapat tayo sa Bibliya, ang pinakamainam na pagsamba ay ang simpleng pagtitipon upang maghati-hati ng tinapay. Di mahalaga ang kapilya, ang mga instrumento o ang mga palatuntunan. Pangunahin sa mga sangkap ng bagong pagsamba ang pusong bagbag at

---

[7] Ang Bibliya Copyright 1982 by Philippine Bible Society

nagpapasakop sa Espiritu at katotohanan. Hindi ito alipin ng kultura o hilig ng tao. Ito ay nananatiling tapat sa Panginoon at sa mensahe ng krus.

Hindi iniisang-tabi ng tunay na pagsamba ang pahayag ng Salita ng Diyos upang maging "matagumpay" ang Iglesiya. Ito ay alay sa Diyos! Ito ay tugon sa Tagapagligtas na iniirog.

Ang Diyos ay Espiritu kaya nga dapat siyang sambahin sa Espiritu. Hindi tao ang itinataas, hindi denominasyon ang itinataas. Hindi talino at galing ang iniaalay kundi bagbag na damdamin at pusong nagsisisi. Siyasatin nating maigi ang ating mga motibo. Anumang alay na mali ang layunin ay di tatanggapin ng Ama. Kung di tayo makikinig ay magiging patay ang ating pagsamba. Tandaan natin na ang hukom ng langit ang huhusga sa ating pagsamba. Hindi ang mundo o ang mga di mananampalataya. Hindi tao ang dahilan kung bakit sinisikap nating pagandahin ang ating pagsamba. Anumang bigong pagsisikap ay karumal-dumal sa Ama.

Isa lang ang layunin ng pagsamba at ito ang bigyang kaluwalhatian ang tunay na Diyos. Sa sandaling mahati ang kaluwalhatiang ito, at mapunta sa tao, hindi na ito sa Diyos. Sinomang di nagsasangaalang-alang sa mga pahayag na ito ay may ibang saloobin bukod sa sambahin ang Diyos. Marahil ay saklaw siya ng patakarang makatao at di niya maiwasang sumunod dito; o di kaya ay may layunin siyang magpaparami ng miyembro o maging katanggap-tanggap sa mas marami. Kung ito ang ating gusto, gawin pa rin natin ito

ngunit wag natin itong tatawaging pagsamba. Mangaral tayo ng ebanghelyo, magtanghal tayo ng mga concierto, mag-awitan tayo ng masigla sa mga “fellowship” ngunit kung ang nais natin ay sumamba, maghati-hati tayo ng tinapay. Huwag nating i-isangtabi ang Salita ng Diyos. Nakita na natin ang kalooban ng Diyos. Ang ating pagtugon ang maghahayag ng ating tunay na katayuan sa harap ng Diyos na banal.